

كتاب تعليم المسلم الجديد

Ang Pagtuturo sa Bagong Muslim

Ang Pagtuturo sa Bagong Muslim

Kapisanan ng Oras ng Talakayan

Ang Pagtuturo sa Bagong Muslim

Akda:

Kapisanan ng Oras ng Talakayan

Ang Unang Aralin

Ano ang ipinapakahulugan ng pagpasok sa Islām?

Kapatid kong Muslim, magalak ka sa pinakamainam na araw na nagdaan sa iyo at pinakamaligayang sandali mo nang ipinahayag mo ang pagsuko mo kay Allāh!

Sa pasimula, iniibig naming bumati sa iyo dahil sa dakilang pasyang ito, na ibinibilang na pinakamahalagang pasya sa buhay mo, sapagkat tunay na ang pinakamalaking biyaya ni Allāh sa iyo ay na ginabayan ka Niya at itinuon ka Niya sa tama patungo sa Islām na kinalugdan Niya para sa mga lingkod Niya bilang relihiyon. Nagbabalita kami ng nakagagalak sa iyo na si Allāh ay nagpapalit sa mga masagwang gawa mo ng mga mabuting gawa at nagpapatawad sa iyo ng mga nakaraang

pagkakasala mo, gaya ng sinabi Niya sa Qur'ān hinggil sa kalagayan ng sinumang nagbalik-loob:

﴿إِلَّا مَنْ تَابَ وَءَامَنَ وَعَمِلَ عَمَلًا صَالِحًا فَأُولَٰئِكَ يُبَدِّلُ اللَّهُ سَيِّئَاتِهِمْ حَسَنَاتٍ ۖ وَكَانَ اللَّهُ غَفُورًا رَحِيمًا ۝۷۰﴾

{...maliban sa sinumang nagbalik-loob, sumampalataya, at gumawa ng gawang maayos sapagkat ang mga iyon ay papalitan ni Allāh ng mga gawang maganda ang mga gawang masagwa nila. Laging si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain.}
(Qur'ān 25:70)

Kapatid kong Muslim, kapag tumingin ka sa paligid mo, makakikita ka ng marami sa mga taong hindi naituon sa tulad ng sa iyo tungo sa Relihiyon ng Katotohanan. Ang pagtutuon na ito ay ang kabutihang-loob ni Allāh na ibinibigay Niya sa kaninumang nakakita siya sa puso nito ng pagkaibig sa pagkasumpong sa katotohanan, hindi dahil sa pagsisikap mo; ito lamang, una sa lahat, ay ang pagtutuon sa iyo sa tama mula kay Allāh.

Alamin mo na ang biyayang ito ay hindi natatapatan ng iba pang biyaya. Kaya anuman ang iniatang sa iyo at pinasan mo alang-alang sa pangangalaga rito, ito ay magaan. si Allāh ay

lumikha sa mga lingkod. siya ay ang Walang-pangangailangan sa kanila. Karapatan Niya sa kanila na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtatambal sa Kanya ng anuman. Siya ay hindi nangangailangan sa pagsamba nila, bagkus sila ay ang mga nangangailangan sa pagsamba sa Kanya at patnubay Niya dahil nariyan ang kaligayahan nila sa Mundo at Kabilang-buhay.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{فَمَنْ يُرِدِ اللَّهُ أَنْ يَهْدِيَهُ يَشْرَحْ صَدْرَهُ لِلْإِسْلَامِ...}

{Kaya sa sinumang ninanais ni Allāh na patnubayan ay magpapaluwag siya ng dibdib nito para sa Islām ...} (Qur'ān 6:125)

Ang Ikalawang Aralin

Ang Layon sa Buhay

Nalilito ang marami sa mga palaisip at mga payak na tao nang pareho sa pagsagot sa pinakamahalagang tanong sa buhay natin:

Bakit tayo ay umiiral? O: Ano ang layon ng buhay natin?

Tiniyak nga ng Qur'ān ang layunin ng pag-iral ng tao sa buhay na ito nang may buong kaliwanagan at kaeksaktuhan sa sabi ni Allāh:

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ 56﴾

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur'ān 51:56) Kaya naman ang pagsamba sa Tagalikha ay ang layon sa kairalan natin sa lupang ito. Ang lahat ng bukod dito ay mga kaparaanan, mga kaakibat, at mga pambuo.

Subalit ang pagsamba ayon sa Islām ay hindi pagmomonghe at ganap na pagtalikod mula sa buhay at mga kasiyahan nito; bagkus ito ay sumasaklaw sa mga isinatungkuling pagsamba (tulad ng: ṣalāh, pag-aayuno, at zakāh) sa lahat ng mga gawain ng tao, mga sinasabi niya, mga kaasalan niya, at mga ugnayan niya; bagkus pati na ang paglalaro niya at ang pagpapakaligaya niya kapag nasamahan ito ng maayos na layunin at magandang pakay. Dahil dito, nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)

na ang pagpapakaligaya ng asawa kasama ng maybahay niya ay ipagkakamit nila ng pabuya kung ito ay sa layuning mapalayo sila sa ipinagbabawal (ḥarām) o magkaanak ng maayos na supling.

Sa pamamagitan niyon, nakadarama ang Muslim na ang bawat ginagawa niya sa buhay niya na mga nauukol sa Mundo gaya ng pagsisikap sa paghahanap ng panustos at pag-aasawa o ang ginagawa niya na mga pagsamba gaya ng pagdarasal at pagkakawanggawa ay tatamuhin niya dahil sa mga ito ang gantimpala mula kay Allāh. Tumukoy nga ang Qur'ān ng konseptong ito sa maraming talata.

Ang Ikatlong Aralin

Sino ang Diyos na Totoo?

Ang Pagbibigay-kahulugan sa Diyos:

Ang diyos ay ang bawat anumang ginawang sinasamba. Dumami nga ang mga diyos na sinasamba sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Ang lahat ng mga ito sa Islām ay mga diyos na walang-kabuluhan, maliban sa nag-iisang Diyos. siya ay ang Diyos na Totoo.

Sino ang Diyos na Totoo?

Ang Diyos na Totoo ay ang pinatutunayan ng katwiran, wastong pag-iisip, at naturalesa na siya, tanging siya, ay ang karapat-dapat sa pagsamba, at na ang anumang iba sa Kanya kabilang sa mga diyos ay kabulaanan na hindi naging karapat-dapat na sambahin.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ)

{Walang Diyos kundi Siya} Ibig sabihin:

Walang sinasambang ayon sa karapatan bukod sa Kanya.

Tunay na siya ay si Allāh. Ang pangalang Allāh ay ang pinakadakilang pangalan ng Panginoon natin. Hindi ito itinataguri sa iba pa sa Kanya. siya ay may kalipunan ng mga pangalang pinakamagaganda na natatangi sa Kanya bukod sa iba sa Kanya. siya ang nailalarawan sa mga katangiang kalubus-lubusan sapagkat siya ang Diyos na Totoo, ibig sabihin: ang mag-isang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba dahil siya, tanging siya, ay ang Tagalikha natin, ang Tagapagtustos natin, ang Tagapangasiwa ng mga kapakanan natin, ang Tagatugon sa mga panalangin natin, at

ang siyang nasa kamay Niya ang pakinabang at ang pinsala.

Hinggil naman sa sinasamba bukod pa kay Allāh, ito ay hindi naging karapat-dapat sa pagsamba dahil ito ay hindi nagmamay-ari ng pakinabang ni pinsala, ni buhay ni kamatayan, ni paglikha ni paghahari ni pangangasiwa.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(ذَلِكَ بِأَنَّ اللَّهَ هُوَ الْحَقُّ وَأَنَّ مَا يَدْعُونَ مِنْ دُونِهِ الْبَطْلُ وَأَنَّ اللَّهَ هُوَ الْعَلِيُّ الْكَبِيرُ 3)

{Iyon ay dahil si Allāh ay ang Totoo, at na ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang kabulaanan, at na si Allāh ay ang Mataas, ang Malaki.} (Qur'ān 31:30)

Kaya kapag nakakilala ang tao na si Allāh ay ang Diyos na Totoo, kinakailangan sa kanya na sumamba sa Kanya – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya – at tumalima sa Kanya sa anumang ipinag-utos Niya at magwaksi ng pagsamba sa iba pa sa Kanya. Ito ay ang kahulugan ng sinasabi nating: "Walang Diyos kundi si Allāh." Ibig sabihin: Walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh.

Ang mga Pangalan ng Diyos na Totoo:

Nakikilala si Allāh sa pamamagitan ng mga pangalan Niyang pinakamagaganda at mga katangian Niya. Ang mga ito ay mga pangalang nagpapahiwatig ng kaganapan Niya at pagkakapita-pitagan Niya at mga katangiang naaangkop sa kadakilaan Niya.

Kabilang sa mga pangalang ito: ang Khāliq (Tagalikha), ang Raḥmān (Napakamaawain), ang Raḥīm (Maawain), `Alīm (Maalam), ang Ḥakīm (Marunong), ang `Azīz (Makapangyarihan).

Kabilang sa mga pangalan Niya ang Ḥayy (Buháy), ibig sabihin: ang nailalarawan sa palagiang kairalan, buhay, at pananatili, kaya naman hindi siya nakararanas ng paglaho o pagkalipol;

at ang Qayyūm {Mapagpanatili}, ibig sabihin: ang nagpapanatili sa sarili Niya at ang nagpapanatili sa bawat anuman.

Kabilang din sa mga pangalan Niya ang Ḥaqq (Totoo) sapagkat ang sinasabi Niya ay tapat na hindi nag-iiba-iba, ang pangako Niya ay nagaganap, at ang mga gawa Niya sa kalahatan ng mga ito ay totoo, katarungan, at karunungan. siya ay ang Totoo sa sarili Niya, ang totoo sa mga katangian Niya, ang totoo sa mga gawa Niya, at ang totoo sa pag-uutos Niya at pagsaway Niya. Ang

lahat ng iba sa Kanya kabilang sa mga sinasamba ay kabulaanan.

Ang Pananampalataya sa Diyos na Totoo:

Ang pananampalataya na si Allāh ay ang Diyos na Totoo, na Malinaw ay ang saligan ng Pananampalataya. Nagpapaobliga ito ng pagbukod-tangi sa Kanya sa pagsamba – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya.

Ang Ikaapat na Aralin

Ang pinakadakila sa mga kinakailangan sa akin sa Islām ay ang mga Haligi ng Islām.

Nag-obliga si Allāh sa bawat Muslim na lalaki at babae ng limang bagay, na siyang saligan ng Islām at mga haligi nito. Tinatawag ito bilang mga haligi ng Islām. Ang mga ito ay mga gawaing panlabas na isinasagawa ng Muslim sa buhay niya. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.
2. Ang pagsasagawa ng limang ṣalāh sa bawat araw.

3. Ang pagbibigay ng zakāh nang isang beses sa bawat taon sa mga maralita, mga dukha, at iba pa sa kanila.

4. Ang pag-aayuno sa Buwan ng Ramaḍān.

5. Ang pagsasagawa ng ḥajj sa Bahay na Pinakababanal ni Allāh sa Makkah para sa sinumang nakayang [magkaroon] patungo roon ng isang kaparaanan.

Ang mga Haligi ng Islām at ang Pagbibigay-linaw sa mga Ito nang Maiksi

1. Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.

Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay sugo ni Allāh ay nangangahulugan ng matibay na paniniwala na si Allāh ay ang sinasambang totoo – tanging siya: walang katambal sa Kanya – at na si Muḥammad ay sugo ni Allāh.

Ang pagbigkas ng pagsaksing ito ay sa pamamagitan ng pagsabi ng tao ng: "Ashhadu allā ilāha illa -llāhu wa-ashhadu anna muḥammadar rasūlu -llāh. (sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad

ay sugo ni Allāh.)" Ito ay una sa pagpapahayag mula sa tao na siya ay pumasok nga sa Relihiyon ni Allāh at naging isang Muslim. Kailangan sa kanya na magsimula sa pagpapakatuto sa mga patakaran ng Relihiyon niya at pag-alam sa kinakailangan sa kanya nang sa gayon matumpak ang pagkaanib niya sa Islām at maisakatotohanan para sa kanya ang pagkalugod ng Panginoon niya at ang pagpasok sa Paraiso.

❖ Ang Kahulugan ng Pagsaksi na "Walang Diyos Kundi si Allāh."

Walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh. Ito ang tinatawag natin na Tawhīd. Nangangahulugan ito na pakaisahin mo si Allāh sa pagsamba kaya wala kang itatambal sa Kanya na isa mang iba sa Kanya sa pagdalangin sa Kanya o pagdarasal sa Kanya o paggawa ng pagtalima alang-alang sa Kanya. Gagawin mo lamang ang mga pagsamba mo sa kabuuan ng mga ito nang wagas para kay Allāh, habang inaasahan mo mula sa Kanya ang gantimpala at kinatatakutan mo mula sa Kanya ang parusa.

❖ Ang Kahulugan ng Pagsaksi "na si Muḥammad ay sugo ni Allāh."

Ang paniniwala na si Muḥammad ay sugo ni Allāh, na isinugo Niya bilang pangwakas sa mga propeta sapagkat wala nang propeta matapos niya. Kailangan sa atin ang pagtalima sa kanya sa

anumang nag-utos siya sa atin nito at ang pag-iwas sa bawat anumang sumaway siya sa atin laban sa paggawa nito.

2. Ang Pagganap ng Ṣalāh

Nag-obliga si Allāh sa atin na magpakamananamba tayó sa Kanya sa pamamagitan ng ṣalāh na limang ulit sa bawat araw sa mga tinakdaang oras. Ang ṣalāh na ito ay may mga kundisyon at pamamaraan nang sa gayon ay maging tanggap ito. Nagpabatid nga sa atin ng katangian nito ang sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang mga ṣalāh na kinakailangan sa Muslim ay limang ṣalāh sa araw at gabi. Ang mga ito ay ang sumusunod: Ang ṣalāh sa fajr (madaling-araw), ang ṣalāh sa ḍuhr (tanghali), ang ṣalāh sa `aṣr (hapon), ang ṣalāh sa maghrib (takipsilim), at ang ṣalāh sa `ishā' (gabi).

3. Ang Zakāh

Isinatungkulin ni Allāh ang zakāh sa bawat Muslim na mayaman bilang pagsusulit sa katapatan ng pananampalataya niya, bilang pasasalamat sa Panginoon niya sa iminagandang-loob Niya sa kanya na biyaya ng yaman, bilang pagtulong sa mga maralita at mga nangangailangan, at bilang pagtulong sa kanila sa mga pumapatungkol sa buhay nila. Ang pagbibigay

ng zakāh ay sa pamamagitan ng pagbibigay nito sa mga karapat-dapat. Tumukoy nga rito ang maraming talata sa Qur'ān ng pag-aanyaya sa pagkakaloob ng zakāh.¹

- Ito ay isang tungkuling kinakailangan sa yaman kapag umabot sa isang takdang kantidad, na ibinibigay sa walong uring binanggit ni Allāh sa Marangal na Qur'ān, na kabilang sa kanila ang maralita at ang dukha.

- Sa pagbibigay nito ay may pagsasalarawan ng pagkaawa at simpatiya, may pagdadalisay sa mga kaasalan ng Muslim at mga ari-arian niya, may pagpapalugod sa mga kaluluwa ng mga maralita at mga dukha, at may pagdaragdag ng pag-ibig at kapatiran sa pagitan ng mga Muslim. Dahil doon, tunay na ang maayos na Muslim ay naglalabas ng zakāh habang masaya rito ang sarili niya habang maligaya sa pagbibigay nito dahil sa dulot nito na pagpapakalapit-loob kay Allāh at pagpapaligaya sa iba pa sa kanya kabilang sa mga tao.

- Ang kantidad ng zakāh ng mga yaman ay 2.5% – mula sa yamang naiimbak gaya ng ginto, pilak, mga salapi, at mga panindang pangkalakal na nakalaan para sa pagtitinda at pagbili para sa

¹ Nagsabi si Allāh sa Qur'ān: {Magpanatili kayo ng pagdarasal, magbigay kayo ng zakāh, at yumukod kayo kasama ng mga yumuyukod.} (Qur'ān 2:43).

tubo – kapag umabot ang halaga ng mga ito sa isang tinakdaang kantidad at lumipas sa mga ito ang isang buong taon.

- Kinakailangan din ang zakāh sa sinumang nagmamay-ari ng isang tinakdaang bilang ng mga hayupan (mga kamelyo, mga baka at mga kalabaw, at mga tupa at mga kambing) kapag nanginginain ang mga ito mula sa lupa sa higit na maraming araw ng taon nang hindi pinakakain ng may-ari ng mga ito.

- Gayundin, kinakailangan ang zakāh sa lumalabas mula sa lupa gaya ng mga butil at mga bunga kapag umabot ang mga ito sa isang tinakdaang kantidad. Iyon ay sa sandali ng pag-ani nito at pagpitas ng mga bunga nito.

4. Ang Pag-aayuno

Nagsatungkulin si Allāh sa mga Muslim ng pag-aayuno ng iisang buwan sa isang taon, sa buwan ng Ramaḍān na pinagpala, at gumawa nito bilang ikaapat na haligi mula sa mga haligi ng Islām, gaya ng sinabi Niya sa Qur'ān:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ 183)

{O mga sumampalataya, isinatungkulin sa inyo ang pag-aayuno kung paanong isinatungkulin ito sa mga bago pa ninyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala.} (Qur'ān 2:183)

❖ Ang Buwan ng Ramaḍān

Ito ay ang ikasiyam na buwan mula sa mga buwang lunar sa kalendaryong Islāmiko. Ito ay ang pinakamainam sa mga buwan ng taon. Nagtangi rito si Allāh ng ilan sa mga kalamangan higit sa iba pang mga buwan.

● Bumaba sa buwang ito ang Qur'ān sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنْزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ...﴾

{Ang buwan ng Ramaḍān ay ang [buwang] pinababa rito ang Qur'ān bilang patnubay para sa mga tao ...} (Qur'ān 2:183)

● Na ang sinumang nag-ayuno sa maghapon nito at nagsagawa sa gabi nito ng ṣalāh, magpapatawad si Allāh sa kanya ng nauna sa pagkakasala niya. Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "**Ang**

sinumang nag-ayuno sa Ramaḍān dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, patatawarin sa kanya ang nauna na pagkakasala niya." (Nagtala nito si Imām Al-Bukhārīy.) Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nag-ayuno sa Ramaḍān dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, patatawarin sa kanya ang nauna na pagkakasala niya."** (Nagtala nito si Imām Al-Bukhārīy.)

❖ Ang Pagbibigay-kahulugan sa Pag-aayuno

Ang pag-aayuno ay ang pagpapakamananamba kay Allāh sa pamamagitan ng pagpipigil sa pagkain, pag-inom, at nalalabi sa mga tagapagpawalang-saysay ng pag-aayuno mula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw.

❖ Ang Hatol sa Pag-aayuno

Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramaḍān ay kinakailangan sa bawat Muslim, na nalubos sa kanya ang mga kundisyon ng pagkakinakailangan ng pag-aayuno.

❖ Ang mga Kundisyon ng Pag-aayuno

Ang pagkaanib sa Islām, ang bulūgh (kasapatang gulang), ang pagkakaroon ng isip, ang

kakayahan sa pag-aayuno, at ang kawalan ng legal na hadlang.

❖ Ang Tagapagpawalang-saysay sa Pag-aayuno

Ang pagkain at ang pag-inom nang sadyaan, ang pakikipagtalik, ang pagreregla, ang pagdurugo pagkapanganak, ang masturbasyon, at ang lahat ng anumang inilalabas mula sa sikmura nang sadyaan tulad ng pagsusuka.

Hindi natitigil-ayuno ang sinumang kumain o uminom habang nakalilimot batay sa sabi ni Propeta Muhammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nakalimot habang siya ay nag-aayuno kaya nakakain siya o nakainom siya, maglubos siya ng pag-aayuno niya sapagkat nagpakain lamang sa kanya si Allāh at nagpainom sa kanya."** (Nagtala nito si Imām Muslim.)

5. Ang Pagsasagawa ng Ḥajj sa Bahay [ni Allāh]:

Inobliga ni Allāh sa bawat lalaking Muslim at babaing Muslim ang pagpunta sa Makkah para magsagawa ng ḥajj sa Bahay na Pinakababanal Niya nang iisang beses sa tanang buhay. Ang pagpuntang ito ay para sa nakakakaya at may kakayanan. Naaalis ang pagkakinakailangan ng pagsasagawa ng ḥajj sa bawat Muslim na hindi

nagmamay-ari ng kakayanan sa pagpunta, maging ito man ay pampananalapi o pangkalusugan.

Sa pagsasagawa ng ḥajj, gumugugol ang Muslim ng isang bilang ng mga araw sa Makkah, habang ginaganap dito ang isang kalipunan ng mga natatanging pagsamba na hindi isinasagawa ng alinmang Muslim maliban sa ḥajj. Ito ay isang dakilang pagsamba na nagtuturo sa Muslim ng pagtitiis, pag-aalis ng palamuti ng makamundong buhay, at paghahanda sa pakikipagkita kay Allāh; at nagpapawalang-saysay sa mga tagapagpaiba sa pagitan ng mga tao.

Dahil doon, ito ay isang dakilang haligi na nagpapatawad si Allāh sa pamamagitan nito ng lahat ng mga pagkakasala. Nagpahiwatig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang pumunta sa ḥajj at gumanap nito gaya ng iniutos ni Allāh sa kanya, naging karapat-dapat siya sa kapatawaran sa lahat ng mga naunang pagkakasala niya.

Ang Ikalimang Aralin

Ang mga Haligi ng Pananampalataya

Natutuhan natin na ang mga haligi ng Islām ay mga gawaing panlabas na isinasagawa ng Muslim sa buhay niya samantalang ang mga haligi ng

Pananampalataya naman ay mga gawaing panloob na pinaniniwalaan ng Muslim at pinatotohayan niya sa puso niya. sa pamamagitan ng mga ito binubuo ng Muslim ang kaugnayan niya kay Allāh at ang pagkakaalam niya sa mga nakalingid at sa buhay na pangkabilang-buhay.

Ang mga ito ay kumakatawan sa saligan ng Paniniwalang Islāmiko na inihatid ng lahat ng mga propeta.

Ang Anim na Haligi ng Pananampalataya

1. Ang Pananampalataya kay Allāh.
2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel.
3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatang Makalangit.
4. Ang Pananampalataya sa mga Sugo.
5. Ang Pananampalataya sa Huling Araw.
6. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda.

1. Ang Pananampalataya kay Allāh

Sumasaklaw ito sa sumusunod:

Ang maayos na naturalesa ay isang maliwanag na patunay sa kairalan ni Allāh. Tayo, kapag nakakita tayo ng isang daong, ay nakaaalam na mayroon itong tagayari, at kapag nagsaalang-

alang tayo ng sistematikong dakilang sansinukob na ito, ay nakaaalam na mayroon itong tagalikhang nakakakayang marunong.

Subalit maaaring makaapekto ang kapaligiran, ang pagpapalaki, at ang mga kaugalian sa naturalesang ito, kaya nalilihis ito palayo sa pagkatama nito at nababaling ang pagsamba nito sa iba pa kay Allāh.

- Sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay ang mag-isang Panginoon ng sansinukob na ito. Siya ay ang Tagalikha, ang Tagapagtustos, at ang Tagapag-ingat. si Allāh ay ang Panginoon ng mga langit at lupa at ang Tagapagmay-ari ng sansinukob sa kabuuan. Walang isa mang nakikilahok sa Kanya roon.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿قُلْ مَنْ يَرْزُقُكُمْ مِّنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أَمَّنْ يَمْلِكُ السَّمْعَ
وَالْأَبْصَرَ وَمَنْ يُخْرِجُ الْحَيَّ مِنَ الْمَيِّتِ وَيُخْرِجُ الْمَيِّتَ مِنَ الْحَيِّ
وَمَنْ يُدَبِّرُ الْأَمْرَ فَسَيَقُولُونَ اللَّهُ فَقُلْ أَفَلَا تَتَّقُونَ 31﴾

{Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa o sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapalabas ng buhay mula sa patay at nagpapalabas ng patay

mula sa buhay? sino ang nangangasiwa sa kapakanan?" Magsasabi sila na si Allāh, kaya sabihin mo: "Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?"} (Qur'ān 10:31)

- Sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay ang mag-isang Tagapamahala ng lahat ng mga nilikha. Gaya ng sabi ni Allāh sa Qur'ān:

{...أَلَا لَهُ الْخَلْقُ وَالْأَمْرُ...}

{Pansinin, sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos.} (Qur'ān 7:54)

- Sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay tanging Siya ang karapat-dapat sa pagsamba. Ang pananampalataya sa pagkadiyos ni Allāh at na siya ay ang karapat-dapat sa pagsamba – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya sa anuman mula rito – gaya ng pagdarasal, pagdalangin, at lahat ng mga pagsambang iba pa. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{وَالْهُكْمُ إِلَهُ وَحْدًا لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ 163}

{Ang Diyos ninyo ay nag-iisang Diyos; walang Diyos kundi siya, ang Napakamaawain, ang Maawain.} (Qur'ān 2:163)

- Sumasampalataya ang Muslim na ukol kay Allāh – tanging sa Kanya – ang kalubusan at ang mga pangalang pinakamagaganda at ang mga katangiang pinakamatataas. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَلِلَّهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا...﴾

{Taglay ni Allāh ang mga pangalang pinakamagaganda kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.} (Qur'ān 7:180)

- Ang Pinakamabigat na Nakasisira sa Pananampalataya kay Allāh:

Ang Shirk Ito ay ang pagtatambal ng iba pang mga diyos na sinasamba kasama kay Allāh. Walang matatagpuan sa Islām na isang pagkakasalang higit na mabigat kaysa sa pagtatambal kay Allāh. Ito ay isang pagkakasalang hindi patatawarin ni Allāh magpakailanman malibang sa pamamagitan ng pagbabalik-loob sa Kanya at pananatili sa

pagsamba sa Kanya – tanging sa Kanya – hanggang sa mamamatay. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ وَمَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ افْتَرَىٰ إِثْمًا عَظِيمًا 48﴾

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan siya at magpapatawad naman siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang lolobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay gumawa-gawa nga ng isang kasalanang sukdulan.}
(Qur'ān 4:48)

Ang Shirk ay may maraming anyo, tulad ng paghiling sa iba pa kay Allāh at pagdalangin doon na pagalingin ang karamdaman niya at palawakin ang panustos niya, o pananalig sa iba pa kay Allāh, o pagpapatirapa sa iba pa kay Allāh.

2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel

Sumasaklaw ito sa sumusunod:

- Ang pananampalataya sa kairalan ng mga anghel at na sila ay kabilang sa mga nilikha ni Allāh. Sumasampalataya ang Muslim na ang mga

anghel ay mga nilalang na tunay, na nilikha, subalit sila ay mga nakakubli sa mga pandama natin. Wala silang mga katangiang pandiyos. sila ay mga nilalang na nilikha ni Allāh mula sa isang liwanag bago ng mga tao. Kabilang sa mga katangian nila na sila ay hindi kumakain at hindi umiinom. Nagkaloob sa kanila si Allāh ng sukdulang lakas at nakasisindak na bilis sa pagpapatupad ng mga utos Niya, at ang bilang nila ay walang nakaaalam kundi si Allāh.

- Ang pananampalataya na sila ay hindi naging karapat-dapat sa alinmang anyo kabilang sa mga anyo ng pagsamba.

- Ang pananampalataya sa mga pangalan at mga gawaing tinakdaan ni Allāh para sa bawat isa sa kanila. Mayroon sa mga anghel na nakatalaga sa pagpapababa ng ulan. Mayroon sa kanila na nakatalaga sa pagpapalabas ng mga kaluluwa mula sa mga katawan sa sandali ng pagkamatay. siya ay ang Anghel ng Kamatayan. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿قُلْ يَتَوَفَّاكُم مَّلَكُ الْمَوْتِ الَّذِي وُكِّلَ بِكُمْ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّكُمْ تُرْجَعُونَ﴾
(11)

{sabihin mo: "Magpapapanaw sa inyo ang anghel ng kamatayan na itinalaga sa inyo,

pagkatapos tungo sa Panginoon ninyo pababalikin kayo."} (Qur'ān 32:11) Ang mga anghel sa pangkalahatan ay may mga gawaing iba pa, na walang nakaaalam sa uri ng mga ito at bilang ng mga ito kundi si Allāh.

3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatang Pinababa

Sumasaklaw ito sa sumusunod:

- Ang pananampalataya na si Allāh ay nagpababa ng mga kasulatan sa mga propeta. Sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay nagpababa ng mga kasulatang makalangit sa mga propeta Niya upang magpatnubay sa mga tao at magturo sa kanila ng landas ng kabutihan at katotohanan. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿نَزَّلَ عَلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ وَأَنزَلَ التَّوْرَةَ
وَإِلَّاٰنْجِيلَ 3 مِّن قَبْلُ هُدًى لِّلنَّاسِ...﴾

{Nagbaba siya sa iyo [O Propeta] ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapagpatotoo

para sa nauna rito, nagpababa siya ng Torah at Ebanghelyo,

na bago pa niyan ay isang patnubay para sa mga tao...} (Qur'ān 3:3-4)

Sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay nagpababa ng Qur'ān kay Propeta Muḥammad (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) at na siya ay nagpababa ng mga kasulatang iba pa sa mga propeta bago pa niya. Kabilang sa mga ito ang Torah, na pinababa kay Moises (sumakanya ang pangangalaga) – ito ay naiiba sa "Matandang Tipan" na palasak sa ngayon) – ang Ebanghelyo, na pinababa kay Jesus (sumakanya ang pangangalaga) – ito ay naiiba sa "Bagong Tipan" na palasak sa ngayon) – at ang salmo, na pinababa kay David (sumakanya ang pangangalaga). sumasampalataya ang Muslim sa mga kalatas ni Abraham at ni Moises. sumasampalataya ang Muslim na ang mga ito ay naglalaman ng salita ni Allāh subalit ang mga ito ay pinilipit na maliban pa sa Qur'ān, ang kahuli-hulihang kapahayagan mula kay Allāh. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ ٩﴾

{Tunay na Kami ay nagbaba ng [Qur'ān na] Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat [laban sa pagbabago].} (Qur'ān 15:9)

Ano ang Qur'ān?

Ito ay Aklat ni Allāh na pinababa Niya sa kahuli-hulihan sa mga propeta Niya, si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa pamamagitan ng pagsisiwalat sa pamamagitan ni Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga). Ito ay pinangangalagaan laban sa pagpapalit o pagpapaiba. Nagpapakamananamba ang mga Muslim sa pamamagitan ng pagbigkas nito. Kaya naman ito ay ang unang pinagkukunan ng mga patakaran at naglalaman ng mga salaysay tungkol sa mga kalipunang nauna, mga pabatid sa Araw ng Pagbangon, at mga panuto at mga payo para sa sangkatauhan.

Bumaba ang Qur'ān sa wikang Arabe at nagsigasig ang mga Muslim sa pagsasalin ng mga kahulugan nito sa mga wika ng daigdig upang makinabang dito ang bawat Muslim alinsunod sa wika niya.

❖ Ang pananampalataya sa Qur'ān ay naglalaman ng ilang aspeto.

- Ang pananampalataya na ito ay kabilang sa mga kasulatan ni Allāh at ang pananampalataya na

ito ay ang nananatiling himala ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

- Ang pananampalataya na ito ay ang pangunahing pinagmulan ng Islām.

- Ang pananampalataya na ito ay ang kahulihulihan sa mga makalangit na kasulatan at na si Allāh ay hindi magpapababa matapos nito ng isa pang kasulatan.

- Ang pananampalataya na ang lahat ng nasa Qur'ān ay totoo, na walang kabulaanan dito at walang pagdududa.

- Ang pananampalataya na ang Qur'ān ay pinag-iingat, na hindi mag-iiba.

4. Ang Pananampalataya sa mga Sugo

Sumasaklaw ito sa sumusunod:

Ang pananampalataya sa mga sugo ay nangangahulugan na maniwala tayo na si Allāh ay pumili ng mga maaayos na lalaki upang mag-anyaya sila sa mga tao tungo sa daan ng katotohanan, na ang pinakadakila sa katotohanan ay ang pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya; at magbigay-babala sa kanila laban sa kabulaanan, na ang pinakamabigat dito ay ang shirk kay Allāh. Nagsugo rin siya sa kanila upang maglinaw sila sa

mga tao ng layon ng pag-iral nila sa buhay na ito nang sa gayon walang matira para sa isa man na isang maidadahilan sa harapan ni Allāh sa Araw ng Pagbangon.

- Ang sinumang tumangging sumampalataya sa iisang sugo ay para bang siya ay tumangging sumampalataya sa lahat ng mga sugo. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān tungkol sa mga tao ni Noe, bagamat walang isinugo sa kanila kundi si Noe:

(كَذَّبَتْ قَوْمُ نُوحٍ الْمُرْسَلِينَ 105)

{Nagpasinungaling ang mga kababayan ni Noe sa mga isinugo} (Qur'ān 26:105) Ibig sabihin: Ang sinumang nagpasinungaling sa iisang sugo, nagpasinungaling nga siya sa lahat.

- Ang pananampalataya sa lahat ng mga propetang nabanggit at hindi nabanggit.

Sumasampalataya tayo sa sinumang pinangalanan ni Allāh, tulad ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan); nina Abraham, Moises, Jesus, at Noe (sumakanila ang pangangalaga); at nilang hindi nagawa ang pagbanggit ng mga pangalan nila at mga kasaysayan nila.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلًا مِّن قَبْلِكَ مِّنْهُمْ مَّن قَصَصْنَا عَلَيْكَ وَمِنْهُمْ مَّن لَّمْ نَقْصُصْ عَلَيْكَ...﴾

{Talaga ngang nagsugo Kami ng mga sugo bago mo pa. Mayroon sa kanila na isinalaysay Namin sa iyo at mayroon sa kanila na hindi Namin isinalaysay sa iyo.} (Qur'ān 40:78)

- Ang pananampalataya na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pangwakas sa mga propeta at wala nang propeta matapos niya. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿مَا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَا أَحَدٍ مِّن رِّجَالِكُمْ وَلَكِن رَّسُولَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّينَ...﴾

{si Muḥammad ay hindi ama ng isa sa mga lalaki ninyo, subalit ang sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta...} (Qur'ān 33:40)

- Ang pagsunod kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pananampalataya na siya ay sugo ni Allāh sa buong sangkatauhan, at na ang mga katuruan niya ay napangalagaan. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{...وَمَا آتَاكُمُ الرَّسُولُ فَخُذُوهُ وَمَا نَهَاكُمْ عَنْهُ فَانْتَهُوا...}

{...ang anumang ibinigay sa inyo ng sugo [na si Propeta Muḥammad] ay kunin ninyo at ang anumang sinaway niya sa inyo ay tigilan ninyo...}

(Qur'ān 59:7)

- Ang mga propeta ay mga tao at hindi mga diyos.

Sila lamang ay mga matuwid na lingkod at mga sugo ni Allāh, na nagpapaabot ng ipinag-utos Niya sa kanila. Sila ay kumakain, umiinom, natutulog, nagkakasakit, at namamatay.

Wala silang kaalaman hinggil sa Lingid maliban sa anumang itinuro sa kanila ni Allāh. Hindi sila nagpapatawad ng mga pagkakasala. Wala silang alinmang pakikilahok sa pangangasiwa sa sansinukob. Ang lahat ng mga himala nila ay hindi mula sa kanila. Ang mga ito lamang ay dahil sa pahintulot ng Panginoon nila.

5. Ang Pananampalataya sa Huling Araw

Sumasaklaw ito sa sumusunod:

Ang pananampalataya na may darating na isang araw na maglalaho ang mundong ito at may

papalit sa lugar nito na isang bagong mundo, isang mundo na bubuhayin ni Allāh doon ang nilikha at tutuusin Niya sila sa mga gawa nila. Kaya ang sinumang sumampalataya ay papasok sa mga Hardin ng Eden bilang mamamalagi roon at ang sinumang tumangging sumampalataya ay papasok sa Apoy ng Impiyerno bilang mamamalagi roon.

6. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda

Sumasaklaw ito sa sumusunod:

- Ang paniniwala na ang kaalaman ni Allāh ay sumasaklaw sa bawat bagay.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{إِنَّ اللَّهَ لَا يَخْفَىٰ عَلَيْهِ شَيْءٌ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي السَّمَاءِ 5}

{Tunay na si Allāh ay walang naikukubli sa Kanya na anuman sa lupa ni sa langit.} (Qur'ān 3:5)

- Ang pananampalataya na si Allāh ay sumulat na ng bawat mangyayari hanggang sa Araw ng Pagbangon sa isang talaan na kilala bilang "Ina ng Aklat" o "Tablerong Pinag-iingatan".

Nangangahulugan ito na si Allāh ay sumulat doon ng bawat mangyayari mula sa simula ng paglikha hanggang sa Araw ng Pagbangon.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ إِنَّ ذَلِكَ فِي كِتَابٍ
إِنَّ ذَلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ 70﴾

{Hindi ka ba nakaalam na si Allāh ay nakaaalam sa anumang nasa langit at lupa. Tunay na iyon ay nasa isang aklat. Tunay na iyon kay Allāh ay madali.} (Qur'ān 22:70)

• Ang pananampalataya na ang lahat ng niloob ni Allāh ay nangyari, nangyayari, at mangyayari. Walang anumang nagaganap na laban sa pagnanais Niya o nang wala nito. Gayundin, ang mga gawain ng mga nilikha ay nagaganap dahil sa kalooban Niya.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَمَا تَشَاءُونَ إِلَّا أَنْ يَشَاءَ اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ 29﴾

{at hindi kayo magloloob maliban na lumuob si Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.} (Qur'ān 81:29)

- Ang pananampalataya na si Allāh ay Tagalikha ng bawat bagay.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{ذَلِكُمْ اللَّهُ رَبُّكُمْ خَلَقَ كُلَّ شَيْءٍ...}

{Gayon si Allāh, ang Panginoon ninyo na Tagalikha ng bawat bagay...} (Qur'ān 40:62)

- Ang Kalooban ng Tao at ang Kalayaan.

Ang tao ay hindi isang nilikha na pinipilit. siya ay may kalakip na kalayaan sa pagpili upang maging mananagot sa mga gawain niya subalit ito ay hindi nakalalabas buhat sa kalooban ni Allāh.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{...فَمَنْ شَاءَ فَلْيُؤْمِنْ وَمَنْ شَاءَ فَلْيُكْفُرْ...}

{Kaya ang sinumang lumuob ay sumampalataya siya, at ang sinumang lumuob ay

tumanggi siyang sumampalataya...} (Qur'ān 18:29)

Ang Ikaanim na Aralin

Ang Kadalisan

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{...إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ التَّوْبِينَ وَيُحِبُّ الْمُتَطَهِّرِينَ}

{...tunay na si Allāh ay umiibig sa mga palabalik-loob at umiibig sa mga nagpapakadalisan.} (Qur'ān 2:222)

Bahagi ng kadakilaan ng pumapatungkol sa ṣalāh na nagsabatas si Allāh ng ṭahārah bago ng ṣalāh at gumawa siya rito bilang isang kundisyon sa katumpakan ng ṣalāh sapagkat ito ay susi ng ṣalāh. Ang pagkadama ng kainaman nito ay gumagawa sa puso na nananabik sa pagsasagawa ng ṣalāh. Nagpabatid nga sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Muslim, kapag nagsagawa siya para sa ṣalāh ng isang tumpak na wuḍū', tunay na ang mga pagkakasala niya na nagawa niya ay naaalis mula sa kanya gaya ng pag-aalis ng tubig na ipinangsagawa niya ng wuḍū' sa mga karumihan

na nasa mukha niya, mga kamay niya, at mga paa niya kapag naghuhugas siya ng mga ito. Kaya humaharap ang tao sa Panginoon niya habang nakapagdalisa'y nang pisikal na kadalisa'y dahil sa wuḍū' at nang espirituwal na kadalisa'y dahil sa pagkadalisa'y niya mula sa mga pagkakasala niya, habang nagpapakawagas kay Allāh, habang tumutulad sa patnubay ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan).

Ang nangangailangan ng wuḍū' ay ang sumusunod:

- Ang ṣalāh, walang pasubali, maging ito man ay isang tungkulin o isang kusang-loob.
- Ang pagsasagawa ng ṭawāf sa Ka`bah.
- Ang pagsaling ng muṣḥaf (pisikal na kopya ng Qur'ān).

Kabilang sa mga kundisyon ng wuḍū':

1. Ang Layunin

Ang kinalalagyan nito ay ang puso. Ang kahulugan ng layunin ay ang pagtitika ng puso sa paggawa ng pagsamba bilang pagpapakalapit-loob kay Allāh.

2. Ang Tubig na Ṭahūr (Naipandadalisay):

Ang tubig na ṭahūr (naipandadalisay) ay ang bawat tubig na bumaba mula sa langit o bumukal mula sa lupa, nanatili sa orihinal na pagkakalikha nito, at hindi nag-iba ang isa sa tatlong katangian nito: ang kulay, ang lasa, at ang amoy.

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Wuḍū'

1. Magsasabi siya ng "Bismi -llāh (sa ngalan ni Allāh)."

2. Maghuhugas siya ng mga kamay niya gamit ang tubig. Isinasakaibig-ibig para sa kanya na gawin ito nang tatlong ulit.

3. Magmumumog siya ng tubig, na nangangahulugan na magpapasok siya ng tubig sa bibig niya at magpapagalaw siya nito sa loob, pagkatapos magpapalabas siya nito. Isinasakaibig-ibig para sa kanya na gawin ito nang tatlong ulit bagamat ang kinakailangan ay iisang ulit.

4. Magsasagawa siya ng istinshāq, na nangangahulugan na magpapasok siya ng tubig sa pamamagitan ng pagsinghot ng ilog niya, pagkatapos magpapalabas siya nito sa pamamagitan ng istinthār, na nangangahulugan na magtutulak siya ng tubig palabas sa pamamagitan ng hangin na lumalabas mula sa ilog. Isinasakaibig-ibig para sa kanya ang pagpapakalabis maliban kung ito ay magdadahilan ng pinsala sa kanya o kung siya ay nag-aayuno.

Isinasakaibig-ibig para sa kanya ang pag-ulit nito nang tatlong ulit bagamat ang kinakailangan ay iisang ulit.

5. Maghuhugas siya ng mukha niya, na mula sa pinakamataas ng noo mula sa mga tinutubuan ng buhok hanggang sa pinakababa ng baba at mula sa isang tainga hanggang sa kabilang tainga bagamat ang dalawang tainga ay hindi napabibilang sa mukha. Isinasakaibig-ibig para sa kanya na gawin ito nang tatlong ulit bagamat ang kinakailangan ay iisang ulit.

6. Maghuhugas siya ng mga kamay niya mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa mga siko. Ang mga siko ay napaloloob sa paghuhugas. Isinasakaibig-ibig para sa kanya ang pag-ulit nito nang tatlong ulit bagamat ang kinakailangan ay iisang ulit.

7. Magpapahid siya sa ulo niya sa pamamagitan ng pagbasa ng mga kamay niya ng tubig, pagkatapos magpapahid siya sa ulo niya mula sa unahan ng ulo hanggang sa hulihan ng ulo na malapit sa batok. Itinuturing na sunnah para sa kanya na magpanumbalik siya ng mga kamay niya habang pumapahid hanggang sa unahan ng ulo nang isa pang ulit. Hindi isinasakaibig-ibig ang pag-uulit nito nang tatlong ulit gaya ng sa mga ibang bahagi ng katawan.

8. Magpapahid siya sa mga tainga niya sa pamamagitan ng pagpasok, matapos ng pagpahid sa ulo niya, ng mga hintuturo niya sa mga tainga niya at magpapahid siya sa likod ng mga tainga sa pamamagitan ng mga hinlalaki.

9. Maghuhugas siya ng mga paa niya kasama ng mga bukungbukong. Isinasakaibig-ibig para sa kanya ang pag-ulit nito nang tatlong ulit bagamat ang kinakailangan ay iisang ulit.

Ang mga Tagapawalang-saysay sa Wudū'

● Ang lumalabas mula sa dalawang labasan: gaya ng ihi, dumi, utot, punlay, at madhy.

● Ang paglaho ng ulirat dahil sa isang mahimbing na pagkatulog o isang pagkawala ng malay o isang nakalalango o isang pagkabaliw.

● Ang lahat ng nag-oobliga ng ghusl: pakikipagtalik, regla, at nifās.

Paunawa: Kapag dumumi ang tao, kinakailangan sa kanya na mag-alis ng karumihan, sa pamamagitan ng tubig na naipandadalisay (ito ay mainam) o sa pamamagitan ng iba pa sa tubig na naipandadalisay kabilang sa naipang-aalis ng karumihan gaya ng mga tissue at mga bato o mga papel o mga tela at iba pa rito kabilang sa nakapag-aalis niyon, sa kundisyon na ito ay sa pamamagitan

ng tatlong pagpahid na nakalilinis o higit pa, at sa pamamagitan ng isang bagay na ṭāhir na pinapayagan.

Ang Malaking Ḥadath na Nag-oobliga ng Ghusl

❖ Ang Junub

Kapag may nangyayari sa lalaki o babae na isang pagtatalik, o lumabas ang manīy sa kalagayan ng pagkagising o pagkatulog, kakailanganin sa kanila ang ghusl (paligo) nang sa gayon makapagsagawa sila ng pagganap ng ṣalāh o ng anumang inoobliga para rito ang ṭahārah.

❖ Ang Ṭahārah mula sa Regla at Nifās

Ang babae, kapag natigil siya sa regla o nifās, ay kakailanganin sa kanya ang ghusl bago siya makapagsagawa ng pagganap ng ṣalāh o ng anumang inoobliga para rito ang ṭahārah.

• Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ghusl

Magpapalubus-lubos ang Muslim ng pagbuhos ng tubig sa katawan niya sa kabuuan nito sa alinmang pamamaraan, kasama ng pagmumumog at pagsinghot at pagsinga ng tubig, habang naglalayon ng pagsasagawa ng ghusl.

Ipinagbabawal sa junub ang paggawa ng sumusunod hanggang sa makapagsagawa siya ng ghusl:

● Ang ṣalāh.

- Ang pagsasagawa ng ṭawāf sa Ka`bah.
- Ang pananatili sa masjid bagamat pinapayagan sa kanya ang pagtawid lamang nang walang pananatili.
- Ang pagsaling ng muṣḥaf (pisikal na kopya ng Qur'ān).
- Ang pagbabasa ng Qur'ān.

Ang Tayammum

Kapag hindi nakatagpo ang Muslim ng tubig na maipangsasagawa niya ng ṭahārah, o hindi siya nakakaya sa paggamit ng tubig dahil sa isang karamdaman o pinsala at tulad nito, at natakot siya na makalampas sa kanya ang oras ng ṣalāh, tunay na siya ay magsasagawa ng tayammum sa pamamagitan ng alabok.

• Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Tayammum

Ang paraan niyon ay na magtapik siya sa alabok ng mga kamay niya nang iisang tapik, pagkatapos magpapahid siya ng mga ito sa mukha niya at mga palad niya lamang. Isinasakundisyon na ang alabok ay ṭāhir.

- Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Tayammum

- Nawawalang-saysay ang tayammum dahil sa anumang ikinawalang-saysay ng wuḍū'.

- Kapag nagkaroon ng tubig bago ng pagsisimula ng pagsamba na isinagawa ang tayammum para roon.

Ang Ikapitong Aralin

Ang Pagtuturo ng Ṣalāh

Nagsatungkulin si Allāh sa Muslim sa araw at gabi ng limang ṣalāh at nagtakda siya para sa mga ito ng mga oras na malinaw. Ang mga ito ay ang fajr (madaling-araw), ang ḍuhr (tanghali), ang `aṣr (hapon), ang maghrib (takipsilim), at ang `ishā' (gabi).

1. Ang Ṣalāh sa Fajr (Madaling-araw)

Ito ay dalawang rak`ah (yunit). Nagsisimula ang oras nito mula sa pagkasapit ng madaling-araw, na siyang simula ng liwanag sa abot-tanaw, at nagwawakas sa pagsikat ng araw.

2. Ang Ṣalāh sa Ḍuhr (Tanghali)

Ito ay apat na rak`ah. Nagsisimula ang oras nito mula sa pagkalihis ng araw sa katanghaliang-tapat at nagwawakas kapag ang anino ng bawat bagay ay naging kapantay ng haba nito.

3. Ang Ṣalāh sa `Aṣr (Hapon)

Ito ay apat na rak`ah. Nagsisimula ang oras nito mula sa pagkalabas ng oras ng ḍuhr, kapag

ang anino ng bawat bagay ay naging kasinghaba nito, at nagwawakas sa pagkalubog ng araw. Nararapat sa Muslim ang pagmamadali sa pagsasagawa ng ṣalāh bago humina ang mga sinag ng araw at manilaw ang kulay nito.

4. Ang Ṣalāh sa Maghrib (Takipsilim)

Ito ay tatlong rak`ah. Nagsisimula ang oras nito mula sa pagkalubog ng araw at pagkalaho ng bilog nito sa abot-tanaw at nagwawakas sa pagkalaho ng pulang takipsilim na lumilitaw matapos ng paglubog.

5. Ang Ṣalāh sa `Ishā' (Gabi)

Ito ay apat na rak`ah. Nagsisimula ang oras nito mula sa pagkalaho ng pulang takipsilim at nagwawakas sa hatinggabi. Maaari ang pagganap nito sa sandali ng kagipitan hanggang sa pagsapit ng madaling-araw.

Paunawa: Maaari sa Muslim ang pagsalig sa mga kalendaryo na nagpapaliwanag ng mga oras ng ṣalāh para sa bawat lungsod.

Ang Paghahanda Para sa Ṣalāh

Kapag pumasok ang oras ng ṣalāh, magsasagawa ng ṭahārah ang Muslim dahil sa maliit na ḥadath at malaking ḥadath kapag siya ay dumanas ng isang malaking ḥadath.

Ang malaking ḥadath ay ang nag-oobliga sa Muslim ng pagsasagawa ng ghusl.

Ang maliit na ḥadath ay ang nag-oobliga sa Muslim ng pagsasagawa ng wuḍū'.

- Magsasagawa ng ṣalāh ang Muslim habang nasa mga kasuutang ṭāhir, sa isang lugar na ṭāhir mula sa mga najāsah, habang natatakpan ang `awrah niya.

- Maggagayak ang Muslim ng mga kasuutang naaangkop sa oras ng ṣalāh at magtatakip siya ng katawan niya sa pamamagitan ng mga ito. Hindi pinapayagan para sa lalaki sa ṣalāh na maglantad ng anuman mula sa nasa pagitan ng pusod at tuhod.

- Kinakailangan sa babae na magtakip ng buong katawan niya sa ṣalāh, maliban sa mukha at mga palad.

- Hindi magsasalita ang Muslim habang nasa ṣalāh ng iba pa sa mga sinasabing natatangi rito.

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh

1. Ang Layunin

Ang kinalalagyan nito ay ang puso. Ang kahulugan ng layunin ay ang pagtitika ng puso sa

paggawa ng pagsamba bilang pagpapakalapit-loob kay Allāh.

2. Ang Pagkakaroon ng Wuḍū'.

3. Ang Pagharap sa Qiblah

Ito ay ang pagharap ng nagsasagawa ng ṣalāh sa Makkah. Maaari sa kanya ang pagtatakda ng dako sa pamamagitan ng paggamit ng compass o iba pa rito na mga kaparaanan.

4. Ang pagsasagawa ng ṣalāh nang nakatayo para sa sinumang nakakakaya nito.

5. Ang Takbīr

Ang pag-aangat ng mga kamay nang kapantay ng mga balikat at ang pagsabi ng: "Allāhu akbar (si Allāh ay pinakadakila)" habang naglalayon ng pagpasok sa ṣalāh.

6. Ang pagbigkas ng Kabanatang Al-Fātiḥah sa bawat rak'ah:

Ito ay ang sumusunod:

﴿بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ 1 الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ 2 الرَّحْمَنِ
الرَّحِيمِ 3 مَلِكِ يَوْمِ الدِّينِ 4 إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ 5 أَهْدِنَا
الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ 6 صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ
عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ 7﴾

1. Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm. (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)

2. Alḥamdu lillāhi rabbi -l`ālamīn, (Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,)

3. Arraḥmāni -rraḥīm, (ang Napakamaawain, ang Maawain,)

4. Māliki yawmi -ddīn. (ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.)

5. Iyyāka na`budu wa-iiyyāka nasta`īn. (sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.)

6. Ihdina -ṣṣirāṭa -lmustaqīm: (Magpatnubay Ka sa amin sa landasing tuwid:)

7. Ṣirāṭa -lladhīna an`amta `alayhim ghayri -lmaghḍūbi `alayhim wa-la -ḍḍāllīn. (ang landasin

ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.) (Qur'ān 1:1-7)

Ang pagbigkas ng anumang naging madali mula sa Qur'ān matapos ng Al-Fātiḥah sa unang rak'ah at ikalawang rak'ah lamang ng bawat ṣalāh. Ito ay hindi isang kinakailangan, subalit sa pagsasagawa nito ay may isang mabigat na pabuya.

7. Ang Pagyukod

Ang pagsabi ng "Allāhu akbar", pagkatapos ang pagyukod hanggang sa ang likod ay maging tuwid samantalang ang mga kamay ay nasa mga tuhod, pagkatapos ang pagsabi sa pagkakayukod ng "subḥāna rabbiya -l'adīm (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan)."

8. Ang Pag-angat Mula sa Pagkakayukod

Ang pag-angat mula sa pagkakayukod habang nagsasabi ng "sami`a -llāhu li-man ḥamidah (Dumidinig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)", habang nag-aangat ng mga kamay hanggang sa pantay sa mga balikat at sa sandali ng pagkatuwid ng katawan habang nakatindig kasabay ng pagsabi ng "Rabbanā wa laka -lḥamd (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri)."

9. Ang Pagpapatirapa

Ang pagsabi ng "Allāhu akbar" kasama ng pagpapatirapa na nakadiit ang mga kamay, ang mga tuhod, ang mga paa, at ang noo at ilong, at ang pagsabi sa pagkapatirapa ng "subhāna rabbiya - l'a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)."

10. Ang Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Pagkakapatirapa

Ang pagsabi ng "Allāhu akbar", pagkatapos ang pag-aangat mula sa pagkakapatirapa hanggang sa makatayo ang likod nang tuwid, kasabay ng pag-upo sa kaliwang paa kasama ng pagtukod ng kanang paa, at ang pagsabi ng "Rabbi -ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin)."

11. Ang Ikalawang Pagkakapatirapa

Ang pagsabi ng "Allāhu akbar" at ang pagpapatirapa muli tulad ng unang pagkakapatirapa.

12. Ang Ikalawang Rak`ah

Ang pag-aangat mula sa pagkakapatirapa kasama ng pagsabi ng "Allāhu akbar" hanggang sa tumuwid ang likod habang nakatindig. Gagawin sa natitira sa mga rak`ah ng ṣalāh ang tulad sa ginawa niya sa unang rak`ah.

Matapos ng ikalawang rak`ah ng ṣalāh na ḍuhr, `aṣr, maghrib, at `ishā', isasagawa ang pag-upo para sa pagbigkas ng Unang Tashahhud:

"Attahīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt. Assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh. Assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn. Ashhadu an lā ilāha illa -llāh wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, at ang mga dasal at ang mga kaaya-ayang gawain. Ang pagbati ay ukol sa iyo, O Propeta, at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya. Ang pagbati ay ukol sa atin at ukol sa mga maaayos na lingkod ni Allāh. sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at sugo Niya.)", pagkatapos ang pagtayo para sa ikatlong rak`ah matapos niyon.

Matapos ng huling rak`ah ng bawat ṣalāh, kinakailangan ang pag-upo para sa pagbigkas ng Huling Tashahhud: "Attahīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt. Assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh. Assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn. Ashhadu an lā ilāha illa -llāh wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammadin kamā ṣallayta `alā ibrahīma wa-`alā āli ibrahīm, innaka ḥamīdum majīd; Allāhumma bārik `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammadin kamā bārakta `alā ibrahīma wa-`alā āli ibrahīm; innaka ḥamīdum majīd. (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, at ang mga dasal at ang mga kaaya-ayang gawain. Ang pagbati ay ukol sa iyo, O Propeta, at

ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya. Ang pagbati ay ukol sa atin at ukol sa mga maayos na lingkod ni Allāh. sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at sugo Niya. O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, biyayaan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbiyaya Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)"

13. Ang Taslīm

Matapos niyon, lilingon ang tagapagsagawa ng ṣalāh sa dakong kanan kasama ng pagsabi ng "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh)," pagkatapos sa dakong kaliwa naman kasama ng pagsabi ng "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh)," kasama ng layunin ng pagtapos ng ṣalāh. Sa pamamagitan niyon, ang ṣalāh ay nagampanan na.

Ang Ikawalong Aralin

Ang Pagsasaulo ng Kabanatang Al-Fātiḥah at Kabanatang Al-Ikhlāṣ

Ang Kabanatang Al-Fātiḥah

- Talata 2:

(الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ)

{Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,}

Ang Pagpapakahulugan

{Ang papuri ay ukol kay Allāh} ay ang lubos na pagbubunyi para kay Allāh lamang dahil sa taglay Niya na mga katangian ng kalubusan at dahil sa mga biyaya Niyang nakalantad at nakakubli.

{Ang Panginoon ng mga nilalang} ay ang Tagalikha ng lahat ng bagay at ang Tagapangasiwa ng mga kapakanan nila.

- Talata 3:

(الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ)

{ang Napakamaawain, ang Maawain,}

Ang Pagpapakahulugan

Ang {Napakamaawain} ay ang may malawak na awa na sumaklaw sa bawat bagay.

Ang {Maawain} ay ang may awang natatangi sa mga mananampalataya sa Mundo at sa Kabilang-buhay.

- Talata 4:

(مَلِكِ يَوْمِ الدِّينِ)

{ang Tagapagmay-ari ng Araw ng
Pagtutumbas.}

Ang Pagpapakahulugan

Ang {Tagapagmay-ari} ay ang tagapagmay-ari ng isang bagay, na siya ay ang tagapagpatnugot dito nang nag-iisa, at walang isa mang nakikilahok sa kanya rito.

Ang {Araw ng Pagtutumbas} ay ang Araw ng Pagbangon, kung saan ang bawat tao ay gagantihan sa gawa niya.

- Talata 5:

(إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ)

{sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo
[lamang] kami nagpapatulong.}

Ang Pagpapakahulugan

{sa Iyo [lamang] kami sumasamba} Nagtatangi kami sa Iyo – tanging sa Iyo – ng pagsamba at hindi kami sumasamba sa iba pa sa Iyo.

{at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong} Humihingi kami ng tulong mula sa Iyo – tanging sa Iyo – sa lahat ng mga nauukol sa amin.

• Talata 6:

(أَهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ)

{Magpatnubay Ka sa amin sa landasing
tuwid:}

Ang Pagpapakahulugan

{Magpatnubay Ka sa amin} Gabayan Mo kami, ituon Mo kami, at patatagin Mo kami sa katotohanan.

Ang {landasing tuwid} ay ang daang maliwanag na naghahatid tungo sa pagkalugod ni Allāh at sa Paraiso Niya.

• Talata 7:

{صِرْطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا
الضَّالِّينَ}

{ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng
mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}

Ang Pagpapakahulugan:

Ang {landasin ng mga biniyayaan Mo} ay ang
daan ng mga biniyayaan Mo kabilang sa mga
Propeta at mga matutuwid.

Ang {hindi ng mga kinagalitan} ay ang mga
nakaalam sa katotohanan at nag-iwan nito.

Ang {hindi ng mga naliligaw} ay ang mga
naligaw palayo sa katotohanan dahilan sa
pagkamangmang o pagkawala.

Kabanatang Al-Ikhlās

- Talata 1:

{قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ}

{Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa.}

Ang Pagpapakahulugan:

{Sabihin mo:} Ipahayag mo at ipaabot mo ang
katotohanang ito.

{Si Allāh ay Kaisa-isa} Si Allāh ay Nag-iisa sa sarili Niya, mga pangalan Niya, mga katangian Niya, at mga gawain Niya – walang katambal sa Kanya.

- Talata 2:

(اللَّهُ الصَّمَدُ)

{Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].}

Ang Pagpapakahulugan:

Ang Lubos sa mga katangian Niya, na pinapakay sa lahat ng mga pangangailangan, ang Walang-pangangailangan sa mga nilikha Niya, samantalang ang lahat ng mga nilikha ay mga nangangailangan sa Kanya.

- Talata 3:

(لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ)

{Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.}

Ang Pagpapakahulugan:

{Hindi Siya nagkaanak} Hindi Siya nagkaroon ng anak.

{at hindi Siya ipinanganak} Hindi Siya ipinanganak ng isa man dahil Siya ay Lubos na Walang-pangangailangan sa iba pa.

- Talata 4:

(وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ).

{Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."}

Ang Pagpapakahulugan:

Walang katapat ni katulad sa Kanya sa sarili Niya o mga katangian Niya o mga gawain Niya.

Ang Ikasiyam na Aralin

Ang Konsepto ng Pagsamba

Ang Pagsamba sa Islām

Ito ay isang pangalan ng bawat naiibigan ni Allāh at kinalulugdan Niya mula sa mga sinasabi at mga ginagawang nakalantad at nakakubli.

Kaya ang bawat sabi o gawa na pinapakay dahil dito ang kaluguran ng Mukha ni Allāh at sumasang-ayon sa isinabatas ni Allāh sa Aklat Niya o sa pagkasambit ng dila ng sugo Niya na si

Muhammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay pagsamba.

Ang mga Uri ng Pagsamba

● Ang paniniwala sa pamamagitan ng puso: ay ang pagpapatotoo sa anumang ipinabatid ni Allāh tungkol sa sarili Niya at tungkol sa mga pangalan Niya, mga katangian Niya, at mga gawain Niya; at ang pananampalataya sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw.

● Ang pagsabi sa pamamagitan ng dila: ay tulad ng pagbigkas ng Dalawang Pagsaksi, pagsambit ng pag-alaala kay Allāh, pag-aanyaya tungo sa Kanya, at paglililinaw ng totoo.

● Ang gawain ng puso: ay tulad ng pangamba kay Allāh, pag-aasam sa Kanya, pag-ibig sa Kanya, at pagpapakawagas sa gawain. Ang mga ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga gawain sa ganang kay Allāh.

● Ang gawain ng mga bahagi ng katawan: ay tulad ng pagdarasal, pag-aayuno, pagkakawanggawa, paggawa ng kabutihan sa mga tao, at nalalabi sa mga gawang maayos.

Ang mga Kundisyon ng Pagkatanggap ng Pagsamba

Sa Islām, hindi tinatanggap ang pagsamba sa ganang kay Allāh maliban kapag naisakatotohanan dito ang dalawang pangunahing kundisyon:

1. Ang Pagpapakawagas kay Allāh:

Ang ibig sabihin ay na magpakay ang Muslim sa pagsamba niya ng ikalulugod ng mukha ni Allāh lamang, na hindi siya nagnanais dito ng pagpupuri ng mga tao o mga mahihitang pansanlibutan. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ...)

{Hindi sila inuutusan kundi upang sumamba sila kay Allāh bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon ...} (Qur'ān 98:5)

2. Ang Pakikipagsunuran sa Sugo ni Allāh na si Muḥammad (Basbasan Niya Ito at Pangalagaan):

Ang ibig sabihin ay na ang pagsamba ay maging ayon sa pamamaraan na isinabatas ni Propeta si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nang walang pagdaragdag o pagbabawas o pag-iimbento. Ang anumang

isinabatas niya ay tanging dahil sa utos ni Allāh. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(مَنْ يُطِيعِ الرَّسُولَ فَقَدْ أَطَاعَ اللَّهَ...)

{Ang sinumang tumatalima sa sugo ay tumalima nga kay Allāh. ...} (Qur'ān 4:80)

Ang Ikasampung Aralin

Sina Jesus at Maria sa Islām

Sumasampalataya ang mga Muslim kina Jesus at Maria (sumakanila ang pangangalaga) nang dakilang pagsampalataya. Kaya naman sila ay umiibig sa kanilang dalawa at nagpipitagan sa kanilang dalawa gaya ng ipinag-utos sa atin ni Allāh sa gaya ng iba pa sa kanilang dalawa kabilang sa mga propeta at mga isinugo.

Sumasampalataya sila na si Jesus ay lingkod ni Allāh at sugo Niya, na isinugo Niya para sa kapatnubayan ng mga tao, at na si Maria ay isang babaing dalisay at malinis ang puri na hinirang ni Allāh sa pamamagitan ng isang dakilang himala, upang maging isang tanda mula sa mga tanda Niya sa paglikha Niya at kakayahan Niya.

Sino si Jesus (sumakanya ang pangangalaga)?

Si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay isang propeta at isang sugo sa ganang kay Allāh at isang salita mula sa Kanya na ipinarating Niya kay Maria, na nangangahulugan na si Allāh ay nag-utos ng pag-iral ni Jesus sa pamamagitan ng isang salita mula sa Kanya, kaya si Jesus ay nalikha nang walang ama, sa pamamagitan ng kakayahan ni Allāh lamang.

Isinugo siya ni Allāh sa mga anak ni Israel. Kaya naman siya ay ang kahuli-hulihan sa mga propeta nila at siya ay isang alipin ni Allāh at sugo Niya.

Ang ina niyang si Birheng Maria (sumakanya ang pangangalaga) ay itinangi ni Allāh sa dakilang himala noong nagdalang-tao siya kay Jesus nang hindi siya nasasaling ng isang lalaki.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(...إِنَّمَا الْمَسِيحُ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ رَسُولُ اللَّهِ وَكَلِمَتُهُ أَلْقَاهَا إِلَى مَرْيَمَ وَرُوحٌ مِّنْهُ فَآمِنُوا بِاللَّهِ وَرُسُلِهِ...)

777{Ang Kristo Jesus na anak ni Maria ay sugo ni Allāh lamang, salita Niya na ipinarating Niya kay

Maria, at isang espiritu mula sa Kanya. Kaya sumampalataya kayo kay Allāh at sa mga sugo Niya.} (Qur'ān 4:171)

Si Jesus (sumakanya ang Pangangalaga) at ang mga Himala Niya

Ang kapanganakan ni Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay isang dakilang himala, na nakahahawig ng pagkalikha kay Adan (sumakanya ang pangangalaga) higit kaysa sa nalalabi sa mga tao sapagkat nilikha nga siya nang walang ama at sa pamamagitan ng isang salita mula kay Allāh, na ipinarating Niya kay Maria.

Nagparangal nga sa kanya si Allāh ng maraming himala, na kabilang sa mga ito na siya noon ay nagpapagaling ng ipinanganak na bulag at ketungin ayon sa pahintulot ni Allāh, nagbibigay-buhay sa mga patay ayon sa pahintulot ni Allāh, at nagpapabatid sa mga tao hinggil sa kung ano ang kinakain nila at kung ano ang iniimbak nila sa mga bahay nila.

Ang mga himalang ito ay patunay sa katapatan ng mensahe niya, at na siya ay sugo ni Allāh at hindi isang diyos na sinasamba bukod pa kay Allāh.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{إِنَّ مَثَلَ عِيسَىٰ عِنْدَ اللَّهِ كَمَثَلِ آدَمَ خَلَقَهُ مِنْ تُرَابٍ ثُمَّ قَالَ لَهُ كُنْ فَيَكُونُ 59}

{Tunay na ang paghahalintulad kay Jesus sa ganang kay Allāh ay gaya ng paghahalintulad kay Adan; lumikha siya rito mula sa alabok, pagkatapos nagsabi siya rito na mangyari saka mangyayari ito.} (Qur'ān 3:59)

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān mula sa dila ni Jesus (sumakanya ang pangangalaga):

{...أَيُّ قَدْ جِئْتُمْ بَيَاةٍ مِّن رَّبِّكُمْ أَنِّي أَخْلُقُ لَكُمْ مِّنَ الطِّينِ كَهَيْئَةِ الطَّيْرِ فَأَنْفُخُ فِيهِ فَيَكُونُ طَيْرًا بِإِذْنِ اللَّهِ وَأُبْرِئُ الْأَكْمَهَ وَالْأَبْرَصَ وَأُحْيِي الْمَوْتَىٰ بِإِذْنِ اللَّهِ وَأُنَبِّئُكُم بِمَا تَأْكُلُونَ وَمَا تَدَّخِرُونَ فِي بُيُوتِكُمْ...}

{...'Na ako ay naghatid nga sa inyo ng isang tanda mula sa Panginoon ninyo; na ako ay lilikha para sa inyo mula sa putik ng gaya ng anyo ng ibon, saka ihip rito, saka ito ay magiging isang ibon ayon sa pahintulot ni Allāh, magpapagaling ako ng

ipinanganak na bulag at ketungin, magbibigay-buhay ako sa mga patay ayon sa pahintulot ni Allāh, at magbabalita ako sa inyo hinggil sa kung ano ang kinakain ninyo at kung ano ang iniimbak ninyo sa mga bahay ninyo. ...} (Qur'ān 3:49)

Ang Misyon ni Jesus (Sumakanya ang Pangangalaga)

Ang misyon ni Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay tulad ng misyon ng mga sugo bago pa niya, na sina Moises at Abraham (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga), at ng matapos niya, na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang misyong ito ay ang pag-aanyaya tungo sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya – at pagtatakwil sa Shirk.

Kaya ang lahat ng mga propeta ay naghatid ng iisang mensahe: na sumamba tayo kay Allāh – tanging sa Kanya – na Tagalikha ng mga langit at lupa, nang walang mga tagapamagitan o mga katambal.

Hindi dumating si Jesus (sumasakanya ang pangangalaga) upang mag-angkin na siya ay isang diyos o upang magpatawad sa pagkakasala ni

Adam (sumasakanya ang pangangalaga) sapagkat ang Islām ay naglilinaw na ang bawat tao ay pumapasan ng pagkakasala niya mismo at na si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain sa sinumang nagbalik-loob at sumampalataya.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَإِذْ قَالَ اللَّهُ يُعِيسَى ابْنَ مَرْيَمَ ءَأَنْتَ قُلْتَ لِلنَّاسِ اتَّخِذُونِي وَأُمِّيَ
إِلَهَيْنِ مِنْ دُونِ اللَّهِ قَالِ سُبْحَانَكَ مَا يَكُونُ لِي أَنْ أَقُولَ مَا لَيْسَ لِي
بِحَقٍّ...﴾

{[Banggitin] kapag magsasabi si Allāh: "O Jesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang dalawang diyos bukod pa kay Allāh?" Magsasabi ito: "Kaluwalhatian sa Iyo! Hindi nagiging ukol sa akin na magsabi ako ng anumang ukol sa akin ay hindi isang karapatan.} (Qur'ān 5:116)

Nagsabi pa si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَإِنَّ اللَّهَ رَبِّي وَرَبُّكُمْ فَأَعْبُدُوهُ هَذَا صِرَاطٌ مُسْتَقِيمٌ 51﴾

{[Nagsabi si Jesus:] "Tunay na si Allāh ay Panginoon ko at Panginoon ninyo kaya sumamba kayo sa Kanya; ito ay isang landasing tuwid."}] (Qur'ān 3:51)

Nagsabi rin si Allāh sa pagtitiyak na ang bawat tao ay pananagutin sa gawa niya:

{وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ...}

{Hindi magpapasan ang isang tagapasan ng pasanin ng iba.} (Qur'ān 35:18)

Ang Pagbabalik ni Jesus (sumakanya ang Pangangalaga)

Sumasampalataya ang mga Muslim na si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay hindi napatay at hindi naipako sa krus; bagkus siya ay iniangat ni Allāh patungo sa Kanya nang buhay, bababa sa wakas ng panahon, magpapaliwanag sa mga tao na siya ay lingkod at sugo ni Allāh, at magpapatupad ng katarungan sa pagitan ng mga tao hanggang sa lumaganap ang kapayapaan.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{...وَمَا قَتَلُوهُ وَمَا صَلَبُوهُ وَلَٰكِن شُبِّهَ لَهُمْ...}

{Hindi sila nakapatay sa kanya at hindi sila nagpako sa kanya sa krus subalit may pinahawig sa kanya para sa kanila.} (Qur'ān 4:157)

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{بَل رَفَعَهُ اللَّهُ إِلَيْهِ وَكَانَ اللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمًا 158}

{bagkus nag-angat sa kanya [ng katawan at kaluluwa] si Allāh tungo sa Kanya. Laging si Allāh ay Makapangyarihan, Marunong.} (Qur'ān 4:158)

Ang Ikalabing-isang Aralin

Ang Talambuhay ng Propeta

Ang Pangalan Niya at ang Kaangkanan Niya

Si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay si Muḥammad na anak ni `Abdullāh na anak ni `Abdulmuṭṭalib, na kabilang sa liping Quraysh sa Makkah.

Siya noon ay ang pinakamarangal sa mga Arabe sa kaasalan at reputasyon. Nakilala siya sa gitna ng mga kababayan niya bago ng pagkapropeta sa katapatan at pagkamapagkakatiwalaan, hanggang sa tinagurian siya bilang Aş-şādiq (Ang Tapat) at Al-Amīn (Ang Mapagkakatiwalaan).

Nagsugo sa kanya si Allāh sa lahat ng mga tao sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga kulay nila, mga lahi nila, at mga uri nila.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿قُلْ يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ جَمِيعًا...﴾

{Sabihin mo: "O mga tao, tunay na ako ay sugo ni Allāh sa inyo nang lahatan ...} (Qur'ān 7:158)

Ibinaba ni Allāh sa kanya ang Marangal na Qur'ān, ang Dakilang Aklat, na nagsabi si Allāh kaugnay rito:

﴿لَا يَأْتِيهِ الْبَطْلُ مِنْ بَيْنِ يَدَيْهِ وَلَا مِنْ خَلْفِهِ...﴾

{Hindi pumupunta rito ang kabulaanan mula sa harapan nito ni mula sa likuran nito ...} (Qur'ān 41:42)

Si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pangwakas sa mga propeta at mga isinugo, gaya ng sinabi ni Allāh sa Qur'ān:

﴿...وَلَكِنْ رَسُولَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّينَ...﴾

{...subalit ang sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta...} (Qur'ān 33:40)

Ang Kapanganakan Niya at ang Paglaki Niya

Ipinanganak si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Makkah noong taong 570 CE. Pinapanaw ang ama niya bago ng kapanganakan niya at pinapanaw naman ang ina niya habang siya ay bata pa. Kaya naman nag-aruga sa kanya ang lolo niyang si `Abdulmuṭṭalib, pagkatapos ang tiyuhin niyang si Abū Ṭālib na nagpakahusay sa pag-aalaga sa kanya. Nagtrabaho siya noong kabataan niya bilang isang pastol ng mga tupa. Lumitaw sa kanya ang mga palatandaan ng karangalan at maagang pagkalalaki. siya noon ay sumasamba kay Allāh ayon sa kapaniwalaan ni Abraham, habang lumalayo sa pagtatambal at paganismo.

Ang simula ng Pagkapropeta

Siya noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagbubukod ng sarili niya sa yungib ng Hīrā' sa Makkah habang nagmumuni-muni at sumasamba kay Allāh, hanggang sa naghatid sa kanya si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) ng pagsisiwalat. Mula ng araw na iyon nagsimula ang mensahe ng liwanag, na nagpatuloy nang dalawampu't tatlong taon.

Ang Pag-aanyaya sa Makkah

Nagsimula si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya para sa Islām nang palihim, pagkatapos naghayag siya nito sa mga kababayan niya ngunit hindi sila tumugon sa kanya. sa kabila niyon, nagpatuloy siya sa pagpapaabot ng Islām nang may karunungan at pagtitiis.

May sumampalataya sa kanya na mga lalaki at mga babae mula sa Makkah, pagkatapos may tumugon sa kanya na isang pangkat mula sa mga mamamayan ng isang bayang malapit sa Makkah na tinatawag na Yathrib, na ang naging pangalan nito ngayon ay Madīnah Munawwarah. Kaya naman nagsimulang lumikas ang mga Muslim papunta roon dahil sa isang utos mula sa kanya.

Ang Paglikas at ang Pagpapatayo ng Lipunang Islāmiko

Lumikas si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah Munawwarah. Doon ay nagtatag siya ng isang lipunang nakabatay sa katarungan, kapatiran, pananampalataya, at pagtutulungan. Lumaganap ang mga katuruan ng Islām at nagsimula ang mga tao na pumasok dito nang mga pulu-pulutong dahil sa isang pagkakumbinsi at isang katiyakan.

Nagtangka ang ilan sa mga lipi ng pakikidigma sa Islām subalit si Allāh ay nag-adya sa Propeta Niya. Nakapagsagawa naman ang mga Muslim ng pagtatanggol sa mga sarili nila at pagpapanaig ng katotohanan.

Ang mga Kaasalan ng Propeta Bago ng Pagkapropeta:

Nakilala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) magmula ng pagkabata niya sa mga kaasalang mataas, na nagpapuri si Allāh sa mga ito ayon sa sabi Niya sa Qur'ān:

(وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ 4)

{Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang sukdulan.} (Qur'ān 68:4)

Siya noon ay tapat na hindi nagsisinungaling, mapagkakatiwalaan na nag-iingat sa mga karapatan, mapagbigay na gumagawa ng maganda sa mga maralita, mapagkumbaba na umuupo kasama ng mga mahina, at matiising matimpiin na hindi gumaganti sa masagwang gawa ng tulad nito.

Ang mga mamamayan ng Makkah noon ay naglalagay ng mga lagak nila sa piling niya, pati na ang mga nakikipag-away sa kanya dahil sa tiwala nila na siya ay hindi nagtataksil.

Ang mga Kaasalan ng Propeta Matapos Maging Propeta

Nadagdagan sa kalubusan ang mga kaasalan niya matapos na siya ay naging isang propeta. si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay awa para sa mga nilalang, gaya ng pagkalarawan sa kanya ni Allāh sa Qur'ān:

{وَمَا أَرْسَلْنَاكَ إِلَّا رَحْمَةً لِّلْعَالَمِينَ 107}

{Hindi Kami nagsugo sa iyo kundi bilang awa para sa mga nilalang.} (Qur'ān 21:107)

Siya noon ay palagi ang pagngiti, maganda ang pakikitungo, malumanay ang pananalita, mapagtupad sa mga kasunduan sa kanya.

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa mensahe niya: **"Ipinadala lamang ako upang maglubos ako ng maayos sa mga kaasalan."** (Nagtala nito si Imām Aḥmad.)

Sa sandali ng pagbabalik niya sa Makkah, nagpaumanhin siya sa mga kaaway niya sa kabila ng kakayahan niya laban sa kanila, at nagpamalas siya ng isang dakilang katapangan sa mga mahirap na kalagayan. siya noon ay ang pinakamakatarungan sa mga tao.

Ang katapatan ay naging ang pundasyon ng buhay niya sapagkat walang nakilala mula sa kanya na isang pagsisinungaling kailanman. si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay humihimok sa mga tao rito sa pamamagitan ng sinabi niya: **"Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay pumapatnubay tungo sa pagsasamabuting-loob."** (Nagtala nito si Imām Al-Bukhārīy.)

Hinggil naman sa pagkamapagkakatiwalaan, ito ay isang nakaugat na kalikasan sa kanya sapagkat siya ay mapagkakatiwalaan sa pagpaparating ng pagsisiwalat, mapagkakatiwalaan sa paghuhukom sa pagitan ng

mga tao, at mapagkakatiwalaan sa bawat pumapatungkol mula sa mga pumapatungkol sa buhay niya.

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang pananampalataya para sa sinumang walang pagkamapagkakatiwalaan sa kanya."** (Musnad Abi Dāwud.)

Ang Pangunahing Mensahe ng Propeta (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan)

Nag-anyaya ang Propeta (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa mga tao tungo sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya – at pag-iwan sa pagsamba sa alinmang bagay bukod pa sa Kanya. Ito ay ang pag-aanyaya ng lahat ng mga propeta na ipinadala bago niya. Nagturo siya sa mga tao kung papaano sila sasamba kay Allāh nang tumpak na pagsamba. Nagbigay-babala siya sa kanila laban sa pagtatambal at sa pagsabi tungkol kay Allāh nang walang kaalaman. Ang mga ito ay ang mga saligan ng pag-aanyaya niya.

Ang Pagpanaw ni Propeta Muḥammad (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan)

Matapos na nalubos ni Allāh sa pamamagitan niya ang Relihiyon at pumasok dito ang marami sa mga tao, dinapuan si Propeta Muḥammad

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang matinding lagnat. Pinapanaw siya sa araw ng Lunes na natapat sa ika-8 ng Hunyo ng taong 632 CE sa edad na 63 taon. Inilibing siya sa Madīnah Munawwarah.

Ang Ikalabindalawang Aralin

Ang Pagtuturo ng Kabanatang Al-Kawthar at Kabanatang An-Naṣr

Ang Kabanatang Al-Kawthar

﴿إِنَّا أَعْطَيْنَكَ الْكَوْثَرَ 1 فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَأَنْحَرْ 2 إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ 3﴾

1. Inna a`ṭaynāka -lkawthar. (Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo [O Propeta Muḥammad] ng Kawthar.)

2. Fa-ṣalli li-rabbika wa-nḥar. (Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay ka.)

3. Inna shāni'aka huwa -l'abtar. (Tunay na ang nasusuklam sa iyo ay siya ang lagot.)

(Qur'ān 108:1-3)

Pagtuturong Audio

Ang Kabanatang An-Naşr:

﴿إِذَا جَاءَ نَصْرُ اللَّهِ وَالْفَتْحُ 1 وَرَأَيْتَ النَّاسَ يَدْخُلُونَ فِي دِينِ اللَّهِ أَفْوَاجًا 2 فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ وَاسْتَغْفِرْهُ إِنَّهُ كَانَ تَوَّابًا 3﴾

1. Idhā jā'a našru llāhi wa-lfath (Kapag dumating ang pag-aadya ni Allāh at ang pagsakop)

2. wa-ra'ayta -nnāsa yadkhulūna fī dīni -llāhi afwājā, {at nakakita ka [O Propeta Muḥammad] sa mga tao na pumapasok sa [Islām na] Relihiyon ni Allāh nang mga pulu-pulutong,}

3. fa-sabbih bi-ḥamdi rabbika wa-staghfirh, innahū kāna tawwābā. (magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo at humingi ka ng tawad sa Kanya. Tunay na siya ay laging Palatanggap ng pagbabalik-loob.

(Qur'ān 110:1-3)

Pagtuturong Audio

Ang Ikalabintatlong Aralin

Ang Limang Pangkinakailangan

Ang Limang Pangkinakailangan

Ito ay ang mga pangunahing bagay na sinasaligan ng bawat tao upang mamuhay ng isang kaaya-aya at marangal na buhay. Ang mga ito ay ang relihiyon, ang buhay, ang isip, ang supling, at ang ari-arian.

Ang pag-iingat sa mga kapakanang ito ay sa pamamagitan ng dalawang bagay:

1. Ang pagpapanatili sa mga ito.
2. Ang pangangalaga sa mga ito at ang pag-iingat sa mga ito laban sa paglapastangan at kasiraan.

Ang Malalaking Kasalanan sa Islām

Ang malalaking kasalanan ay ang mga mabigat at ipinagbabawal na pagkakasala na nagbigay-babala si Allāh at ang sugo Niya na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa mga ito ng isang matinding pagbibigay-babala. Kabilang sa malalaking kasalanan sa Islām:

1. Ang Pagtatambal kay Allāh

Dumating ang Islām para mangalaga sa relihiyon ng tao. Dahil doon, ipinagbawal nito ang shirk dahil ito ay pinakamalaking panganib sa pananampalataya at tao.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ وَمَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ افْتَرَىٰ إِثْمًا عَظِيمًا 48﴾

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan siya at magpapatawad naman siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang lolobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay gumawa-gawa nga ng isang kasalanang sukdulan.}
(Qur'ān 4:48)

2. Ang Pagpatay sa Tao

Dumating ang Islām para mangalaga sa buhay ng tao. Dahil doon, ipinagbawal nito ang pagpatay sa tao.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿...وَلَا تَقْتُلُوا النَّفْسَ الَّتِي حَرَّمَ اللَّهُ إِلَّا بِالْحَقِّ...﴾

{...at huwag kayong pumatay ng buhay na ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa [legal na] karapatan...} (Qur'ān 6:151)

3. Ang Pangangalunya

Dumating ang Islām para mangalaga sa supling at dangal. Dahil doon, ipinagbawal nito ang paggawa ng relasyon sa labas ng lehitimong pag-aasawa.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{وَلَا تَقْرَبُوا الرِّئَاصَ إِنَّهُ كَانَ فُحِشَةً وَسَاءَ سَبِيلًا 32}

{Huwag kayong lumapit sa pangangalunya; tunay na ito ay laging mahalay at sumagwa bilang landas.} (Qur'ān 17:32)

4. Ang Pag-inom ng Alak at mga Nakalalasing

Dumating ang Islām para mangalaga sa isip. Dahil doon, ipinagbawal nito ang bawat nagpapalasing at nagwawasak ng isip.

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang bawat nakalalasing ay alak. Ang bawat**

tagapagpalasing ay bawal." (Napagsang-ayunan sa katumpakan nito.)

5. Ang Pagnanakaw at ang Pangangamkam ng mga Yaman ng mga Tao Ayon sa Kabulaanan

Dumating ang Islām para mangalaga sa ari-arian. Dahil doon, ipinagbawal nito ang pagkuha ng mga ari-arian ng mga tao nang walang karapatan. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَلَا تَأْكُلُوا أَمْوَالَكُمْ بَيْنَكُمْ بِالْبُطْلِ...﴾

{Huwag kayong kumain ng mga yaman ng iba sa inyo sa pagitan ninyo sa kabulaanan ...} (Qur'ān 2:188)

Iyon ay sumasaklaw sa pandaraya, panunuhol, pagnanakaw, at iba pa sa mga ito.

Ang Ikalabing-apat na Aralin

Ang Patakaran sa Ilan sa mga Pagkain sa Islām

Ang Islām ay kumpletong relihiyong nagtutuon sa Muslim sa lahat ng mga

pumapatungkol sa buhay niya, pati na sa pagkain niya at inumin niya.

Kaya naman ang Muslim ay hindi kumakain para lamang mabusog, bagkus upang magpalakas ng katawan niya para sa pagtalima kay Allāh, mamuhay ng isang kaaya-ayang pamumuhay, at magpasalamat sa Panginoon niya sa mga biyaya Nito.

Ang mga Pagkaing Pinahihintulutan (Kaaya-aya)

Sa Islām, ang bawat anumang walang nasaad ng isang patunay sa pagbabawal dito mula sa mga halaman, mga prutas, at mga butil, ito ay ipinahihintulot.

Gayon din, ang mga hayop at ang mga ibon na pinapayagan, tulad ng mga kamelyo, mga baka, mga tupa, mga manok, at mga kuneho ay ipinahihintulot ang pagkain sa mga ito, sa kundisyon na makatay ang mga ito sa tumpak na Islāmikong pagkatay kasama ng pagsambit ng pangalan ni Allāh sa sandali ng pagkakatatay.

Nagsabi si Allāh sa Marangal na Qur'ān:

(يَا أَيُّهَا النَّاسُ كُلُوا مِمَّا فِي الْأَرْضِ حَلَالًا طَيِّبًا...)

{O mga tao, kumain kayo mula sa nasa lupa bilang ipinahihintulot na kaaya-aya...} (Qur'ān 2:168)

Ang nahuhuli sa dagat sa kalahatan nito ay ipinahihintulot, maging ito man ay buhay o natagpuang patay.

Ang mga Pagkaing Ipinagbabawal

1. Ang Maytah

Ibig sabihin: Ang hayop na namatay nang walang pagkakatatay ayon sa Sharī'ah.

Halimbawa: May isang baka na namatay nang mag-isa o nasakal. Kapag naabutan ito ng Muslim nang buhay at nakatay niya ito bago ng pagkamatay nito, ito sa sandaling iyon ay ipinahihintulutan.

2. Ang Dugong Ibinubo

Ito ay ang dugong likido na lumalabas sa sandali ng pagkakatatay.

Hinggil naman sa dugong naiiwan sa karne o atay, ito ay hindi ipinagbabawal.

3. Ang Karne ng Baboy

Ito ay ipinagbabawal kalakip ng lahat ng mga bahagi nito at mga produkto nito (kahit na ang mga taba at ang mga balat).

4. Ang anumang kinatay para sa iba pa kay Allāh o binanggitan ng pangalang hindi pangalan ni Allāh sa sandali ng pagkakatatay.

Iyon ay dahil kinakailangan sa tagapagkatay sa sandali ng pagkatay ng hayop ang pagsambit ng pangalan ni Allāh dito. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿فَكُلُوا مِمَّا ذُكِرَ اسْمُ اللَّهِ عَلَيْهِ إِنْ كُنْتُمْ بِآيَاتِهِ مُؤْمِنِينَ 118﴾

{Kaya kumain kayo mula sa binanggit ang pangalan ni Allāh roon, kung kayo sa mga tanda Niya ay mga mananampalataya.} (Qur'ān 6:118)

Halimbawa: Ang pag-aalay para sa mga anito o para sa mga walīy o para sa alinmang iba pa kay Allāh bilang pagpapakalapit-loob kay Allāh. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿إِنَّمَا حَرَّمَ عَلَيْكُمُ الْمَيْتَةَ وَالدَّمَ وَلَحْمَ الْخِنْزِيرِ وَمَا أُهْلَ بِهِ لِغَيْرِ اللَّهِ فَمَنْ أَضْطَرَّ غَيْرَ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَلَا إِثْمَ عَلَيْهِ إِنَّ اللَّهَ غَفُورٌ رَحِيمٌ 173﴾

{Ipinagbawal lamang sa inyo ang namatay, ang dugo, ang laman ng baboy, at ang anumang inialay sa iba pa kay Allāh; ngunit ang sinumang napilitan nang hindi lumalabag ni lumalampas ay walang kasalanan sa kanya. Tunay na si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain.} (Qur'ān 2:173)

Ilan sa mga Hayop na Ipinagbabawal:

Ang anumang ipinag-utos ng Tagapagbatas na patayin, ito ay ipinagbabawal.

Halimbawa: ang tuko, ang daga, ang ahas, at ang alakdan.

Ang bawat may pangil kabilang sa mga mabangis na hayop

dahil si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay: **"Sumaway laban sa [pagkain ng] bawat may pangil mula sa mga mabangis na hayop."** (Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārī at Imām Muslim.)

Ibig sabihin: Ang bawat hayop na naninila na gumagamit ng mga pangil nito sa panghuhuli at pagpatay. Halimbawa:

ang leyon, ang lobo, ang aso, ang tigre, ang oso, ang pusa, at ang unggoy.

Ang bawat may kukong pandagit kabilang sa mga ibon

dahil si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay: **"Sumaway laban sa [pagkain ng] bawat may kukong pandagit mula sa mga ibon."** (Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.)

Ibig sabihin: Ang mga ibong nananagpang na nanghuhuli gamit ang mga kukong pandagit ng mga ito. Halimbawa:

ang lawin, ang agila, ang halkan, at ang banoy.

Ang mga Nakalalasing at ang mga Droga

Ang mga ito ay ang bawat nag-aalis ng isip tulad ng alak, marijuana, opyo, at iba pa.

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang bawat nakalalasing ay bawal."** (Napagsang-ayunan sa katumpakan.)

Dahil ito ay nakapipinsala sa katawan, isip, Relihiyon, at iba pa, at ang bawat nagdudulot ng napatotohanan o malamang na pinsala, ito ay ipinagbabawal sa Islām.

Ang Kasanhian sa mga Patakaran ng Pagkain

Ang Islām ay nagnanais para sa Muslim na mamuhay siya ng isang buhay na kaaya-aya, malusog, at busilak.

Kaya naman ang pagkaing ipinahihintulot na kaaya-aya ay naglilinis ng katawan, nagdadalisay ng puso, at gumagawa sa panalangin na maging tinutugon.

Hinggil naman sa bawal na pagkain, nakasisira ito sa puso at pumipigil ito sa pagpapala dahil ito ay kabilang sa mga karima-rimarim. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{...وَيُحَرِّمُ عَلَيْهِمُ الْخَبَائِثَ...}

{...nagbabawal sa kanila ng mga karima-rimarim...} (Qur'ān 7:157)

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na si Allāh ay Kaaya-aya, na hindi tumatanggap kundi ng kaaya-aya."** (Nagtala nito si Imām Muslim.)

Ang Ikalabing-limang Aralin

Ang Katayuan ng Babae sa Islām

Dumating ang Islām bilang awa mula kay Allāh para sa mga nilalang. sinagip nito ang babae mula sa kawalang-katarungan at iniangat nito siya sa tunay na katayuan niya.

Kaya naman siya sa Islām ay isang taong pinarangalan, na mayroon siyang mga karapatan niya kung paanong ang lalaki ay may mga karapatan nito. Nagtagubilin si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga lalaki ng kabutihan hinggil sa mga babae sapagkat nagsabi siya: **"Magpatagubilin kayo hinggil sa mga babae ng kabutihan."** (Nagtala nito si Imām Muslim.)

Binigyan ng Islām ang babae ng karapatan niya sa pamana matapos na siya ay pinagkaitan nito at inobliga nito sa asawa ang paggugol sa kanya kahit pa man kung sakaling siya ay mayaman.

Gayundin, ipinagkaloob nito sa kanya ang karapatan sa pagpili ng asawa. Kaya naman walang pipilit sa kanya na isa man sa pagpapakasal sa hindi niya ninanais.

Sa Islām, maaari sa babae na magtrabaho sa anumang nababagay sa kalikasan niya at

makilahok sa paglilingkod sa lipunan niya, gaya ng ginawa ng mga Babaing Kasamahan sa panahon ni Propeta Muḥammad (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan).

Ang Babaing Kasamahan na si Rufaydah Al-Aslamīyah ay nanggagamot sa mga sugatan at ang Babaing Kasamahan na si Zaynab bint Jaḥsh ay nagtatrabaho sa pamamagitan ng kamay niya at gumugugol sa landas ni Allāh. Ang iba pa sa kanila ay marami.

Nagparangal sa kanya ang Islām bilang isang ina.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا...}

{Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba kundi sa Kanya at sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda...} (Qur'ān 17:23)

Nagparangal sa kanya ang Islām bilang isang anak at bilang isang kapatid.

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang may dalawang babaing kapatid o dalawang babaing**

anak, saka gumawa siya ng maganda sa kanilang dalawa hanggat nakasama siya nilang dalawa, ako at siya ay magiging nasa Paraiso."
(Musnad Abī Dāwud.)

Kabilang sa pinakadakilang pagpaparangal ng Islām sa kanya ang hijāb.

Hindi nagkasya ang Islām sa pagbibigay sa kanya ng mga karapatan; bagkus nagsanggalang ito sa dangal niya laban sa pagiging isang kalakal na inilalantad sa mga paningin. Nagsabatas ito para sa kanya ng isang kasuutang nagsasanggalang sa dangal niya at nangangalaga sa kanya laban sa kadustaan, hindi upang humamak sa kanya.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿يَا أَيُّهَا النَّبِيُّ قُلْ لِّأَزْوَاجِكَ وَبَنَاتِكَ وَنِسَاءِ الْمُؤْمِنِينَ يُدْنِينَ عَلَيْهِنَّ مِنْ جَلِيبِهِنَّ ذَلِكَ أَدْنَى أَنْ يُعْرَفْنَ فَلَا يُؤْذَيْنَ...﴾

{O Propeta [Muḥammad], sabihin mo sa mga maybahay mo, mga babaing anak mo, at mga kababaihan ng mga mananampalataya na maglugay sila sa ibabaw nila ng mula sa mga

balabal nila. Iyon ay higit na angkop na makilala sila [bilang babaing mananampalatayang mahinhin] para hindi sila maperhuwisyo.} (Qur'ān 33:59)

Nag-obliga si Allāh sa babaing Muslim na magsuot ng ḥijāb sa harap ng mga lalaking estranghero (hindi kaanu-ano) sa kanya. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsusuot niya ng kasuutang disente, na nakatatakip, na maluwag, na hindi naaaninag at hindi pinabanguhan, wala ritong palamuting nakatatawag-pansin, at hindi nakawawangis ng kasuutan ng mga lalaki. Ang lalaking estranghero ay ang hindi asawa ng babae at hindi kabilang sa mga maḥram niya.¹

¹ Ang maḥram ng babae ay ang lalaki na hindi ipinahihintulot sa kanya ayon sa batas ang magpakasal sa kanya nang magpakailan-kailanman dahil sa pagkakamag-anak o pagkapasuso o pagkaugnay sa pagkakasal. Sumasaklaw sa mga maḥram ang mga pinagmulan (ang mga ama at ang mga lolo), ang mga sangay (ang mga lalaking anak at ang mga apo nila), ang mga lalaking kapatid, ang mga tiyuhin sa ama, ang mga tiyuhin sa ina, ang mga lalaking anak ng lalaking kapatid at babaing kapatid, karagdagan pa sa asawa ng

Ang Ikalabing-anim na Aralin

Ang Pag-aasawa sa Islām

Ang pag-aasawa ayon sa Islām ay naglalayon ng pagbuo ng pamilyang matatag at maayos.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَمِنْ آيَاتِهِ أَنْ خَلَقَ لَكُمْ مِنْ أَنْفُسِكُمْ أَزْوَاجًا لِتَسْكُنُوا إِلَيْهَا وَجَعَلَ بَيْنَكُمْ مَوَدَّةً وَرَحْمَةً...﴾

{Kabilang sa mga tanda Niya na lumikha siya para sa inyo, mula sa mga sarili ninyo, ng mga kabiyak upang mapanatag kayo sa kanila at naglagay siya sa pagitan ninyo ng pagmamahal at awa...} (Qur'ān 30:21)

Isinabatas nga ni Allāh ang pag-aasawa at nilinaw Niya na ito ay kalagayan ng mga sugo at mga propeta upang tumulad ang mga tao sa kanila sapagkat nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

ina (matapos ng pakikipagtalik sa kanya), ang ama ng asawa, at ang lalaking anak ng asawa.

{وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلًا مِّن قَبْلِكَ وَجَعَلْنَا لَهُمْ أَزْوَاجًا وَذُرِّيَّةً...}

{Talaga ngang nagsugo Kami ng mga sugo bago mo pa at gumawa Kami para sa kanila ng mga maybahay at mga supling...} (Qur'ān 13:38)

Kabilang sa pinakaprominente sa mga layon ng pag-aasawa:

Ang pagpapanatili sa lahi ng tao, ang kaligtasan ng lipunan at pagsanggalang dito laban sa pagkalansag na pangkaasalan, at ang pagsasakatuparan sa naturalesang pantao, ang pagbusog sa mga pagnanasa sa wastong pamamaraan, ang pag-iingat sa supling, at ang pagbuo ng maayos na pamilya.

Bahagi ng kalubusan ng katwiran na pinayagan ni Allāh sa Islām ang diborsiyo sa pagitan ng mag-asawa. Hindi dinudulugan ito maliban sa sandali ng pagkakinakailangan at matapos ng pagkaubos ng mga kaparaanan ng pagsasaayos sa pagitan ng mag-asawa alinsunod sa mga natatanging patakaran.

Ang mga Tungkulin ng Mag-asawa

Hindi iniwan ng Islām ang usapin ng pag-aasawa nang walang mga panuntunang

namamahala sa kaugnayan sa pagitan ng mag-asawa at nagpapaliwanag ng mga ito. Naglagay nga ang Islām ng mga kinakailangan at mga karapatan sa bawat panig upang tumuwid sa pamamagitan ng mga ito ang buhay mag-asawa at tumagal sa pamamagitan ng mga ito ang pagmamahalan. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga kinakailangang ito:

Ang mga Kinakailangan sa Asawa:

Ang ṣadāq (bigay-kaya) ay ang salapi na ibinibigay ng lalaki sa babae kapalit ng pagdaos ng kasal. Ito ay hindi isang materyal na halaga para ariin ang maybahay. Ito lamang ay isang karapatang pampananalapi na isinabatas ni Allāh para sa babae. Nag-utos si Allāh sa mga lalaki ng kagandahan ng pakikitungo sa mga babae, pagpapahalaga sa kanila, kagandahan ng kaasalan sa kanila, pagpaparangal sa kanila, at pag-iingat sa mga lihim nila. Nagbigay-babala ito laban sa paghamak sa kanila at pagpapabaya sa kanila. Nagbanta ito sa sinumang lumalabag sa katarungan sa kanila. Nag-anyaya ito sa pagsasaalang-alang sa kalikasan niya, pagtugon sa karapatan niyang likas na pangnaturalesa, at pagtustos sa kanya sa pamamagitan ng pagmamagandang-loob sa pagkain, pananamit, at tirahan, na ang bawat isa ay ayon sa kakayahan nito at kalagayan nitong pampananalapi.

Ang Ikalabimpitong Aralin

Mga Kaasalan at mga Etiketang Pang-Sharī'ah

Ang Islām ay relihiyong masaklaw na hindi nalilimitahan sa mga pagsamba; bagkus ito ay isang kumpletong metodolohiya ng buhay na nag-oorganisa sa relasyon ng tao sa Panginoon niya at sa mga tao, bagkus sa Mundo sa paligid niya. Ibinibilang ang mga kaasalan at ang mga etiketang pang-sharī'ah na kabilang sa pinakamahalaga sa mga haligi ng metodolohiyang ito yayamang naglalayon ang mga ito ng pagbuo ng isang maayos na tao at isang lipunang naghahari rito ang pag-ibig, ang katarungan, at ang awa.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَنِ وَإِيتَايَ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ
الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ...﴾

{Tunay na si Allāh ay nag-uutos ng katarungan, paggawa ng maganda, at pagbibigay sa may pagkakamag-anak; at sumasaway sa

kahalayan, nakasasama, at paglabag...} (Qur'ān 16:90)

Ang Pagbibigay-kahulugan sa mga Kaasalan at mga Etiketa:

Ang mga kaasalan ay mga katangiang nakakintal sa sarili, na gumagabay sa pag-uugali ng tao tungo sa kabutihan, tulad ng katapatan, pagkamapagkakatiwalaan, at katarungan. Ang mga ito ay ang gumagawa sa Muslim na iniibig sa ganang kay Allāh at sa ganang sa mga tao.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{وَقُلْ لِعِبَادِي يَقُولُوا الَّتِي هِيَ أَحْسَنُ...}

{sabihin mo sa mga lingkod Ko na sabihin nila ang siyang higit na maganda ...} (Qur'ān 17:53)

Ang mga etiketa ay ang mga pag-uugaling maganda na isinasagawa ng Muslim sa pang-araw-araw na pamumuhay niya, tulad ng mga etiketa sa pakikipag-usap, pagkain, at pakikitungo.

Ang Kahalagahan ng Katayuan ng mga Kaasalan at mga Etiketa sa Islām:

Ang mga ito ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga pinapakay ng pagpapadala kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{هُوَ الَّذِي بَعَثَ فِي الْأُمِّيِّينَ رَسُولًا مِّنْهُمْ يَتْلُوا عَلَيْهِمْ آيَاتِهِ وَيُزَكِّيهِمْ...}

{Siya ay ang nagpadala sa mga iliterato ng isang sugo [na si Propeta Muḥammad] kabilang sa kanila, na bumibigkas sa kanila ng mga talata Niya, nagbubusilak sa kanila...} (Qur'ān 62:2) Kabilang sa mga biyaya ni Allāh sa mga mananampalataya na nagsugo siya ng sugo Niya para magturo sa kanila ng Qur'ān at magbusilak sa kanila. Ang pagbubusilak ay nangangahulugan ng pagdadalisay ng puso mula sa shirk at mga

kaasalang masama, gaya ng poot, inggit, at mga masagwang kaugalian.

Nagsabi nga si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ipinadala lamang ako upang maglubos sa mararangal sa mga kaasalan."** (Nagtala nito si Imām Aḥmad.)

Ang Kakumpletuhan ng Pananampalataya:

Ang mga kaasalan ay bahagi ng pananampalataya. Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pinakakumpleto sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan."** (Nagtala nito sina Imām At-Tirmidhīy, Imām Abū Dāwud, at Imām Aḥmad.)

Ang Pag-ibig kay Allāh at sa Sugo Niya:

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan."** (Nagtala nito si Imām At-Tirmidhīy.)

Mga Halimbawa ng mga Kaasalan:

● Ang Katapatan: Ang pagsabi ng tao ng totoo at paggawa nito. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّادِقِينَ 119)

{0 mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allāh at maging kasama kayo sa mga tapat.} (Qur'ān 9:119)

● Ang Pagkamapagkakatiwalaan: Ang pagganap sa mga karapatan sa mga pinatutungkulan ng mga ito at ang hindi pagtataksil. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَنْ تُؤَدُّوا الْأَمَانَاتِ إِلَىٰ أَهْلِهَا...)

{Tunay na si Allāh ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan ng mga ito ...} (Qur'ān 4:58)

● Ang Pagkaawa: Ang pagkamalumanay at ang pagmamalasakit sa nakababata at nakatatanda.

● Ang Katarungan: Ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito, pati sa sinumang nakasasalungat natin.

● Ang Pagpapakumbaba: Ang hindi pagpapakamalaki sa mga tao at ang pakikitungo sa kanila nang may kabaitan.

● Ang Pagtitiis: Ang pananatili sa pagtalima at ang pagbabata ng mga kasawiang-palad nang may pagkalugod. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

(...وَبَشِّرِ الصَّابِرِينَ)

{Magbalita ka ng nakagagalak sa mga nagtitiis,
...} (Qur'ān 2:155)

● Ang Pagkahiya: Ang mahiya ang Muslim sa paggawa ng anumang nagpapagalit kay Allāh o gumagawa ng masagwa sa mga tao.

Mga Halimbawa ng mga Etiketa:

❖ Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap:

Ang pagsasalita nang may katapatan, ang pagpapababa ng tinig, ang hindi pagsabat sa mga ibang tao, ang pagpili ng kaaya-ayang pananalita, at ang paglayo sa mga masagwang salita.

❖ Ang mga Etiketa ng Pagbati:

Ang pagpapasimula sa pagbati at ang pagtugon doon ng higit na maganda kaysa roon, at na ito ay maging sa isang maliwanag na tinig na may kasamang pagngiti. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَإِذَا حُيِّتُمْ بِتَحِيَّةٍ فَحَيُّوا بِأَحْسَنَ مِنْهَا أَوْ رُدُّوهَا...﴾

{Kapag binati kayo ng isang pagbati ay bumati kayo ng higit na maganda kaysa roon o gumanti [man lamang] kayo roon...} (Qur'ān 4:86)

Ang mga Etiketa sa Pagkain sa Islām:

Ang pagkain sa Islām ay hindi isang kaugalian lamang; bagkus ito ay isang pagsamba at isang pasasalamat kay Allāh sa mga biyaya Niya. Nagturo nga sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga etiketa na gumagawa sa pagkain bilang isang kadahilanan para sa pagpapala, kalusugan, at pag-ibig sa gitna ng mga tao. Kabilang sa mga ito:

- Ang paglalayon ng Muslim sa pagkain niya ng pangingilag magkasala sa paggawa ng kabutihan at pagtalima kay Allāh.

- Ang pagsabi ng "Bismi -llāh (Sa ngalan ni Allāh)" bago magsimula; ngunit kung nakalimot siya, magsasabi siya sa sandali ng pagkaalaala niya ng "Bismi -llāhi fī awwalihi wa-ākhirihi. (Sa ngalan ni Allāh sa simula nito at sa wakas nito.)"

- Ang pagkain sa pamamagitan ng kanang kamay.

● Ang pagkain mula sa malapit sa sarili sa pinagsasaluhang bandeha at ang hindi pag-abot ng kamay sa kung ano ang nasa harapan ng mga ibang tao.

● Ang pagpuri kay Allāh matapos ng pagwawakas.

● Ang pag-iingat sa lumalabis na pagkain at ang pagbibigay-galang dito.

Ang Pakikipamuhayan sa Islām:

Ang Islām ay relihiyon ng awa at katarungan. Ito sa simulain ay nag-aanyaya tungo sa kapayapaan at pagtutulungan sa kabutihan sa pagitan ng mga tao sa kalahatan, kahit pa nagkaiba-iba ang mga relihiyon nila o ang mga lahi nila o ang mga wika nila sapagkat si Allāh ay lumikha sa mga tao nang magkakaiba dahil sa isang dakilang kasanhian. Nagsabi si Allāh sa Qur'an:

﴿يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنَّا خَلَقْنَاكُمْ مِنْ ذَكَرٍ وَأُنْثَىٰ وَجَعَلْنَاكُمْ شُعُوبًا وَقَبَائِلَ لِتَعَارَفُوا إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِنْدَ اللَّهِ أَتْقَاكُمْ...﴾

{O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki [na si Adan] at isang babae [na si Eva] at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi

upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo...} (Qur'ān 49:13)

Ang Islām ay hindi nag-aanyaya tungo sa pagbubukod o pagkasuklam, bagkus tungo sa pagkakakilalahan, pagtutulungan sa kabutihan, paggalang sa isa't isa, at magandang pakikitungo.

Si Propeta Muḥammad noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang halimbawa sa kagandahan ng pakikipamuhay sapagkat dumadalaw siya noon sa kapitbahay niyang Hudyo kapag nagkasakit ito, tumatanggap siya sa mga paanyaya ng mga hindi Muslim, nakikitungo siya sa kanila ayon sa katarungan at awa, at humihimok siya sa pakikipag-ugnayan sa mga kaanak kahit pa sumasalungat sila sa nakikipag-ugnay hinggil sa relihiyon nito. Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang mananampalataya ay ang sinumang natiwasay sa kanya ang mga tao sa mga buhay nila at mga ari-arian nila."** (Nagtala nito sina Imām Aḥmad at Imām At-Tirmidhīy.)

Kaya naman ang Muslim ay hindi lumalabag sa katarungan sa isa man at hindi gumagawa ng masagwa sa sinumang sumasalungat sa kanya;

bagkus siya ay maawain, tagaibig ng kabutihan, na nagpapaganda ng pakikitungo sa lahat dahil ang mga magandang kaasalan ay isang wikang naiintindihan ng tao.

Ang Pagsasamabuting-loob sa mga Magulang

Kabilang sa pinakadakila sa mga pinahahalagahan (values) na binigyang-diin ng Islām ang pagsasamabuting-loob sa mga magulang. Nangangahulugan ito ng paggawa ng maganda sa kanila, pagsisilbi sa kanila, pagdalangin para sa kanila, at hindi pagtataas ng tinig sa kanila. Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا...﴾

{Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba kundi sa Kanya at sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda...} (Qur'ān 17:23)

Ang pagsasamabuting-loob sa mga magulang ay hindi nalilimitahan sa mga Muslim lamang sa kanila, bagkus sumasaklaw rin sa hindi mga Muslim, gaya ng sinabi ni Allāh sa Qur'ān:

﴿وَإِنْ جُهِدَاكَ عَلَىٰ أَنْ تُشْرِكَ بِي مَا لَيْسَ لَكَ بِهِ عِلْمٌ فَلَا تُطِعْهُمَا
وَصَاحِبُهُمَا فِي الدُّنْيَا مَعْرُوفًا...﴾

{Kung nakipagpunyagi silang dalawa sa iyo na magtambal ka sa Akin ng wala kang kaalaman hinggil doon ay huwag kang tumalima sa kanilang dalawa. Makisama ka sa kanilang dalawa sa Mundo ayon sa nakabubuti...} (Qur'ān 31:15)

Ang Karapatan ng Kapitbahay

Gayundin, nagtagubilin ang Islām hinggil sa kapitbahay, maging siya man ay Muslim o hindi Muslim.

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi tumigil si Anghel Gabriel na nagtatagubilin sa akin hinggil sa kapitbahay hanggang sa nagpalagay ako na siya ay magsasatagapagmana nito."** [Napagkaisahan sa katumpakan].

Kabilang sa mga anyo ng paggawa ng maganda sa kapitbahay:

- Ang pagbibigay ng pagbati sa kanya at ang pagtatanong tungkol sa kalagayan niya.

● Ang pag-alalay sa kanya sa oras ng pangangailangan.

● Ang pagpigil ng perhuwisyo sa kanya at ang hindi pagtataas ng tinig o pag-abala sa kanya.

● Ang pakikilahok sa mga tuwa ang at pagbibigay ng tulong sa mga kagipitan.

Nagsabi ang Propeta na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang naging sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw, magparangal siya sa kapitbahay niya."** (Napagsang-ayunan sa katumpakan nito.)

Kaya ang Muslim ay naglalantad ng mga kaasalan niya sa tahanan niya at sa mga kapitbahay niya, kaya siya ay nagiging iniibig sa gitna nila, isang tinutularan sa pakikitungo, at isang pinagmumulan ng katiwasayan at kapayapaan.

Ang Ikalabing-walong Aralin

Ang Panalangin at ang Dhikr

A. Ang Kahulugan ng Panalangin at ang Kahalagahan Nito

Ang panalangin ay isinabatas sa lahat ng mga oras at mga kalagayan. Kaya halimbawa: Kapag

nakaramdam ang tao ng pagkagipit o kalungkutan, tunay na ang unang pintuang dudulugan niya ay ang pintuan ni Allāh. Siya ay higit na malapit sa atin kaysa sa alinmang ibang anupaman. Nagturo nga si Allāh sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa Qur'ān, nang nagtanong sa Kanya ang mga tao tungkol sa Panginoon nila, na Siya ay malapit sa kanila, at na sila, kung dadalangan sila sa Kanya nang tapat, ay tutugon sa kanila.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ﴾ (186)

{Kapag nagtanong sa iyo ang mga lingkod Ko tungkol sa Akin, tunay na Ako ay malapit: sumasagot Ako sa panalangin ng dumadalangin kapag dumalangin siya sa Akin kaya tumugon sila sa Akin at sumampalataya sila sa Akin, nang sa gayon sila ay magagabayan.} (Qur'ān 2:186)

Kabilang sa mga panalangin itinuro ni Propeta Muhammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sandali ng pag-aalala at kalungkutan ay ang pagsabi ng: **"Lā ilāha illa -llāhu -l'adīmu -lḥalīm. Lā ilāha illa -llāhu rabbu**

-l'arshi -lkarīm. Lā ilāha illa -llāhu rabbu -ssamāwāti wa-l'arḍi, wa-rabbu -l'arshi -l'adīm. (Walang Diyos kundi si Allāh, ang Sukdulan, ang Matimpiin. Walang Diyos kundi si Allāh, ang Panginoon ng tronong marangal. Walang Diyos kundi si Allāh, ang Panginoon ng mga langit at lupa at ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki.)" (Napagsang-ayunan sa katumpakan nito.) Ang panalanging ito ay nagdudulot ng kapanatagan at nagpapaalala sa tao ng kalapitan ni Allāh at awa Niya.

Ikalawa: Ang Kahulugan ng Dhikr o Paggunita

Ang dhikr ay ang paggunita kay Allāh sa puso at dila.

Ito ay ang pinakasukdulan sa nagbibigay-buhay sa puso at nagpapalakas sa pananampalataya.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{...أَلَا يَذْكُرُ اللَّهُ تَطْمَئِنُّ الْقُلُوبُ}

{...Pansinin, sa pag-aalaala kay Allāh napapanatag ang mga puso.} (Qur'ān 13:28)

Bakit ang dhikr ay mahalaga?

❖ Ang pagsambit ng dhikr ay isang katangiang kabilang sa mga katangian ng mga mananampalataya.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

{...وَالَّذِينَ اللَّهُ كَثِيرًا وَالذُّكْرِتِ أَعَدَّ اللَّهُ لَهُمْ مَغْفِرَةً وَأَجْرًا عَظِيمًا}

{...at ang mga lalaking nag-aalaala kay Allāh nang madalas at ang mga babaing nag-aalaala ay naghanda si Allāh para sa kanila ng isang kapatawaran at isang pabuyang sukdulan [ng Paraiso].} (Qur'ān 33:35)

❖ Ang pag-alaala kay Allāh ay buhay para sa puso.

Nagsabi si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang paghahalintulad sa umaalaala sa Panginoon niya at hindi umaalaala sa Panginoon niya ay tulad ng buhay at patay."** (Napagsang-ayunan sa katumpakan nito.)

❖ Ang pag-alaala kay Allāh ay nangangalaga sa iyo laban sa demonyo.

Nagwangis si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-alaala [kay Allāh] sa isang lalaking tumatakas mula sa mga kaaway niya patungo sa isang malakas na muog na nagsasanggalang sa kanya.

Gayundin, ang pag-alaala kay Allāh ay nagsasanggalang sa Muslim laban sa demonyo.

❖ Ang pag-alaala kay Allāh ay nagpapagaan sa mga alalahanin sa Mundo.

Sa tuwing napupuno ang puso ng pag-alaala kay Allāh, lumiliit ang mga alalahanin sa Mundo sa paningin niya at tumitindi ang pagtitiis niya at lakas niya.

❖ Ang pag-alaala ay nagbubukas ng pinto ng palagiang ugnayan kay Allāh.

Ang sinumang nag-aalaala kay Allāh palagi, makararamdam ito ng kalapitan sa Kanya at makatatagpo ito ng kapanatagan at kaginhawahan.

Mga Dhikr na Madali at Mabigat ang Pabuya:

Ang pagbigkas ng Qur'ān ay ang pinakamainam na dhikr. Para sa bawat titik ay may 10 gawang maganda. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa**

Aklat ni Allāh, ukol sa kanya dahil dito ay isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito." (Itinala ito ni Imām At-Tirmidhīy). Nagsasabi naman si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Bigkasin ninyo ang Qur'ān sapagkat tunay na ito ay darating sa Araw ng Pagbangon bilang isang mapagpamagitan sa mga tagatangkilik nito."** (Nagtala nito si Imām Muslim.)

Ang pagbabasa ng Qur'ān ay nangangalaga sa pananampalataya at nagpapalakas ng ugnayan kay Allāh.

Ang mga ito ay ang ilan sa mga dhikr na minamaganda sa Muslim na mag-ulit-ulit ng mga ito:

● Subḥāna -llāhi wa-lḥamdu lillāh. (Kaluwalhatian kay Allāh at ang papuri ay ukol kay Allāh.)

● Lā ilāha illa -llāhu wa-llāhu akbar. (Walang Diyos kundi si Allāh at si Allāh ay pinakadakila.)

● Lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh. (Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh.)

● Astaghfiru -llāh. (Humihingi ako ng tawad kay Allāh.)

● Subhāna -llāhi wa-bi-ḥamdih. (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya).

● Subhāna -llāhi -l'adīm. (Kaluwalhatian kay Allāh, ang Dakila.)

● Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. (Walang Diyos kundi si Allāh – tanging siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kapangyarihan.)

Ang Ikalabinsiyam na Aralin

Ang Kalamangan ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh

Ang pag-aanyaya tungo kay Allāh ay kabilang sa pinakadakila sa mga gawain sa Islām. Ito ay ang paggabay ng Muslim sa mga tao sa kabutihan at ang pagpapakilala niya sa kanila kay Allāh, sa Islām, at sa mga magandang kaasalan.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿وَمَنْ أَحْسَنُ قَوْلًا مِّمَّنْ دَعَا إِلَى اللَّهِ وَعَمِلَ صَالِحًا وَقَالَ إِنَّي
مِنَ الْمُسْلِمِينَ﴾ (33)

{Sino pa ang higit na maganda sa sinasabi kaysa sa sinumang nag-anyaya tungo kay Allāh, gumawa ng maayos, at nagsabi: "Tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim [na sumusuko kay Allāh]."} (Qur'ān 41:33)

Ibig sabihin: Walang umiiral na sinasabi ni ginagawang higit na marikit at higit na mainam kaysa sa pag-aanyaya tungo kay Allāh, kalakip ng maayos na gawa.

Nagpabatid nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kapatnubayan ng iisang tao tungo sa Islām dahil sa iyo ay higit na mainam kaysa sa pinakadakila sa mga yaman ng Mundo na iniibig ng mga tao at na ang gantimpala ng kapatnubayang ito ay matatagpuan mong lubhang mabigay sa Araw ng Pagbangon.

Ang Bagong Muslim ay may:

● Pabuya sa ginawa niya ng kabutihan bago ng pag-anib niya sa Islām kapag umanib siya sa Islām at naging maganda ang pagkaanib niya sa Islām. Nagbalita nga ng nakagagalak ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isa sa mga tao nang dumating ito upang umanib sa Islām: na ang mga gawain ng kabutihang ginagawa niya dati bago ng pag-anib niya sa Islām, gaya ng

katapatan niya at pag-alalay niya sa mga ibang tao, ay pananatilihin ni Allāh para sa kanya at gagantihan siya sa mga ito ng pabuya.

● Ang pabuya sa pagkaanib niya sa Islām at pagpapakatatag niya.

● Ang pabuya ng sinumang may napatnubayan dahil sa kanya ay sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nag-anyaya tungo sa patnubay ay ukol sa kanya mula sa pabuya ang tulad ng mga pabuya ng mga sumunod sa kanya nang hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa mga pabuya nila."** (Nagtala nito si Imām Muslim.)

Ang Pagpapahayag ng Pag-anib sa Islām

Kapag nangamba ang bagong Muslim para sa sarili niya sa isang matinding perhuwisyo o isang tunay na panganib, pinapayagan sa kanya ang magkubli ng pagkaanib niya sa Islām hanggang sa siya ay maging ligtas.

Kung walang tunay na pangamba, mas mainam ang paglalantad ng Islām nang kalmado at may karunungan.

Ang Pagpapalit ng Pangalan

Hindi kinakailangan ang pagpapalit ng pangalan matapos ng pag-anib sa Islām maliban kapag mayroon ditong isang kahulugang ipinagbabawal, tulad ng:

● Pangalang may pagkamananamba sa iba pa kay Allāh.

● Pangalang may kahulugang masagwa.

Kapag ang pangalan ay pangkaraniwan o ang kahulugan nito ay kaaya-aya, hindi inoobliga ang pagpapalit nito. Ang pag-anib sa Islām ay hindi nagsasakundisyon ng isang pangalang Arabe.

Papaano magsisimula ang Muslim sa pag-aanyaya?

Ang pag-aanyaya ay nagsisimula mula sa pag-uugali bago ng pananalita.

Bakit tayo nag-aanyaya sa mga tao?

Dahil iniibig natin para sa kanila ang kabutihan, kinaaawaan natin sila, at ninanais natin para sa kanila ang kapatnubayan at kaligtasan.

Subalit kinakailangan na pakatandaan natin na ang kapatnubayan ay nasa kamay ni Allāh at kailangan sa atin ang pagpapaabot lamang.

Magsimula ka sa sarili mo: Pangalagaan mo ang pagdarasal, pag-aralan mo ang Relihiyon mo, iwanan mo ang ipinagbabawal, at isaasal mo ang mga magandang kaasalan dahil ang mga tao ay nakakikita sa mga ginagawa mo bago ng mga sinasabi mo.

Ang relihiyon ay pakikitungo: Ang kagandahan ng kaasalan ay kabilang sa

pinakadakila sa mga kaparaanan ng pag-aanyaya; ang katapatan, ang pagkamapagkakatiwalaan, ang pagkaawa, at ang paggalang, ang lahat ng ito ay maaaring maging isang kadahilanan sa kapatnubayan ng isang tao.

Sa harapan ng mga ibang tao, kumakatawan ka sa Islām, mula sa aspektong ang mga pag-asta mo ay nagbibigay ng isang imahen tungkol sa Relihiyon. Kaya kapag nakakikita ang mga tao ng mga magagandang kaasalan, nagsasabi sila: "Ito ay ang Islām;" at kapag nakakikita sila ng kabaligtaran, maaaring magsabi sila ng kasalungat niyon. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **"Ipinadala lamang ako upang maglubos sa mararangal sa mga kaasalan."** (Nagtala nito si Imām Aḥmad.)

Magsimula ka sa pinakamalapit: ang mag-anak, ang mga kaibigan, at ang mga kasamahan sa trabaho, nang kalumanayan at walang pamimilit.

Magsalita ka batay sa kaalaman mo: Sumagot ka ayon sa nalalaman mo. Kung hindi mo nalalaman, sabihin mo: "Hindi ko nalalaman." Ipasangguni mo sa mga sumusunod na website.

Kabilang sa mga etiketa ng pag-aanyaya:

- Ang pagpili ng oras na nababagay para sa pagsasalita.
- Ang kalumanayan at ang kahinahunan.

● Ang hindi pag-alipusta o panunuya sa mga relihiyon ng mga ibang tao.

* Ang hindi pakikipagtalo nang may karahasan.

* Ang pagtitiis sa mga tugon ng mga tao.

● Ang pagdalangin ng patnubay para sa kanila.

Ang Muslim ay hindi pananagutin sa kapatnubayan ng mga tao sapagkat ang kapatnubayan ay nasa kamay ni Allāh subalit kailangan sa kanya na magpaabot ng Islām ayon sa nakakaya niya. Ang bawat magandang kaasalan o kaaya-ayang salita ay maaaring maging isang kadahilanan sa kapatnubayan ng isang tao.

Ang Ikadalawampung Aralin

Papaano ko matututunan ang mga patakaran ng Relihiyon ko?

Magsisigasig ang Muslim na magsagawa ng Relihiyon niya batay sa isang kaalaman at isang kabatiran, at hindi batay sa isang sariling opinyon at isang pagkamangmang. Ang usaping ito ay magiging sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga alagad ng kaalaman at pagtatanong sa kanila tungkol sa anumang nagsuliranin sa kanya mula sa mga nauukol sa Relihiyon niya. Kailangan sa kanya

na magkaloob ng pagsisikap niya sa paghanap ng kaalaman na magbibigay-kakayahan sa kanya sa pagganap sa isinatungkulin ni Allāh sa kanya sa isang tumpak na pamamaraan, pagkatapos madaragdagan siya mula sa mga kaalamang pangkapahayagan sa tuwing napadadali para sa kanya.

Index

Ang Pagtuturo sa Bagong Muslim.....	2
Ang Pagtuturo sa Bagong Muslim.....	2
Ang Unang Aralin	2
Ano ang ipinapakahulugan ng pagpasok sa Islām?	2
Ang Ikalawang Aralin	4
Ang Layon sa Buhay	4
Bakit tayo ay umiiral? O: Ano ang layon ng buhay natin?	5
Ang Ikatlong Aralin	6
Sino ang Diyos na Totoo?	6
Ang Pagbibigay-kahulugan sa Diyos:	6
Sino ang Diyos na Totoo?	7
Ang mga Pangalan ng Diyos na Totoo:	9
Ang Pananampalataya sa Diyos na Totoo:	10
Ang Ikaapat na Aralin.....	10

Ang pinakadakila sa mga kinakailangan sa akin sa Islām ay ang mga Haligi ng Islām.	10
Ang mga Haligi ng Islām at ang Pagbibigay-linaw sa mga Ito nang Maigsi.....	11
1. Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.....	11
2. Ang Pagganap ng Ṣalāh	13
3. Ang Zakāh.....	13
4. Ang Pag-aayuno	15
5. Ang Pagsasagawa ng Ḥajj sa Bahay [ni Allāh]:18	
Ang Ikalimang Aralin.....	19
Ang mga Haligi ng Pananampalataya.....	19
1. Ang Pananampalataya kay Allāh	20
2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel	24
3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatang Pinababa.....	26
4. Ang Pananampalataya sa mga Sugo.....	29
5. Ang Pananampalataya sa Huling Araw.....	32

6. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda.....	33
Ang Ikaanim na Aralin	36
Ang Kadalisan	36
Ang nangangailangan ng wuḍū' ay ang sumusunod:.....	37
Kabilang sa mga kundisyon ng wuḍū':	37
Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Wuḍū'	38
Ang mga Tagapawalang-saysay sa Wuḍū'	40
Ang Tayammum	42
Ang Ikapitong Aralin.....	43
Ang Pagtuturo ng Ṣalāh	43
Ang Paghahanda Para sa Ṣalāh.....	44
Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh.....	45
Ang Ikawalong Aralin.....	52
Ang Pagsasaulo ng Kabanatang Al-Fātiḥah at Kabanatang Al-Ikhlāṣ	52
Ang Kabanatang Al-Fātiḥah	52
Kabanatang Al-Ikhlāṣ	55

Ang Ikasiyam na Aralin.....	57
Ang Konsepto ng Pagsamba.....	57
Ang Pagsamba sa Islām	57
Ang mga Uri ng Pagsamba.....	58
Ang mga Kundisyon ng Pagkatanggap ng Pagsamba.....	59
Ang Ikasampung Aralin	60
Sina Jesus at Maria sa Islām.....	60
Sino si Jesus (sumakanya ang pangangalaga)?...	61
Si Jesus (sumakanya ang Pangangalaga) at ang mga Himala Niya	62
Ang Misyon ni Jesus (Sumakanya ang Pangangalaga).....	64
Ang Pagbabalik ni Jesus (sumakanya ang Pangangalaga).....	66
Ang Ikalabing-isang Aralin.....	67
Ang Talambuhay ng Propeta	67
Ang Pangalan Niya at ang Kaangkanan Niya.....	67
Ang Kapanganakan Niya at ang Paglaki Niya.....	69

Ang simula ng Pagkapropeta.....	70
Ang Pag-aanyaya sa Makkah	70
Ang Paglikas at ang Pagpapatayo ng Lipunang Islāmiko	71
Ang mga Kaasalan ng Propeta Bago ng Pagkapropeta:	71
Ang mga Kaasalan ng Propeta Matapos Maging Propeta.....	72
Ang Pangunahing Mensahe ng Propeta (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan)	74
Ang Pagpanaw ni Propeta Muḥammad (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan)	74
Ang Ikalabindalawang Aralin.....	75
Ang Pagtuturo ng Kabanatang Al-Kawthar at Kabanatang An-Naṣr.....	75
Ang Kabanatang Al-Kawthar	75
Ang Kabanatang An-Naṣr:	76
Ang Ikalabintatlong Aralin	77
Ang Limang Pangkinakailangan.....	77

Ang Malalaking Kasalanan sa Islām.....	77
1. Ang Pagtatambal kay Allāh.....	78
2. Ang Pagpatay sa Tao	78
3. Ang Pangangalunya	79
4. Ang Pag-inom ng Alak at mga Nakalalasing....	79
5. Ang Pagnanakaw at ang Pangangamkam ng mga Yaman ng mga Tao Ayon sa Kabulaanan	80
Ang Ikalabing-apat na Aralin.....	80
Ang Patakaran sa Ilan sa mga Pagkain sa Islām.	80
Ang mga Pagkaing Pinahihintulutan (Kaaya-aya)	81
Ang mga Pagkaing Ipinagbabawal	82
Ilan sa mga Hayop na Ipinagbabawal:	84
Ang mga Nakalalasing at ang mga Droga.....	85
Ang Kasanhian sa mga Patakaran ng Pagkain	86
Ang Ikalabing-limang Aralin.....	87
Ang Katayuan ng Babae sa Islām	87
Kabilang sa pinakadakilang pagpaparangal ng Islām sa kanya ang hijāb.	89

Ang Ikalabing-anim na Aralin	91
Ang Pag-aasawa sa Islām	91
Kabilang sa pinakaprominente sa mga layon ng pag-aasawa:	92
Ang mga Tungkulin ng Mag-asawa	92
Ang Ikalabimpitong Aralin	94
Mga Kaasalan at mga Etiketang Pang-Sharī'ah..	94
Ang Pagbibigay-kahulugan sa mga Kaasalan at mga Etiketa:	95
Ang Kahalagahan ng Katayuan ng mga Kaasalan at mga Etiketa sa Islām:.....	96
Mga Halimbawa ng mga Etiketa:	99
❖ Ang mga Etiketa ng Pakikipag-usap:.....	99
❖ Ang mga Etiketa ng Pagbati:.....	99
Ang mga Etiketa sa Pagkain sa Islām:	100
Ang Pakikipamuhayan sa Islām:	101
Ang Pagsasamabuting-loob sa mga Magulang..	103
Ang Karapatan ng Kapitbahay	104
Ang Ikalabing-walong Aralin.....	105

Ang Panalangin at ang Dhikr	105
A. Ang Kahulugan ng Panalangin at ang Kahalagahan Nito.....	105
Ikalawa: Ang Kahulugan ng Dhikr o Paggunita	107
Mga Dhikr na Madali at Mabigat ang Pabuya: ..	109
Ang Ikalabinsiyam na Aralin	111
Ang Kalamangan ng Pag-aanyaya Tungo kay Allāh	111
Ang Ikadalawampung Aralin.....	116
Papaano ko matututunan ang mga patakaran ng Relihiyon ko?	116